# Pagkauhaw

Tucson, Arizona, USA

Setyembre 19,1965

1 Magandang gabi, mga kaibigan. Isang pribilehiyo ang maparito ngayong gabi. Pangalawang punta ko na dito sa Grantway Assembly kasama ng mahal kong kapatid na si Brother Mack at ang lahat ng mababait na staff na naririto, at ang lahat ng nakikiisang mga Cristiano mula sa iba't ibang simbahan, si Brother Lee Vayle. At may nakilala akong isang kapatid dito, na, ma - matalik na kaibigan ni Brother F. F. Bosworth, at hindi ko alam na pumanaw na pala si Brother Bosworth upang katagpuin ang Panginoon. Ang sabi ko, "Sa pakiramdam ko ay nakatagpo ko ang isang Eliseo na nagbuhos ng tubig sa mga kamay ni Elias," samantalang nasa ibang bansa sila at hindi nila nalalaman na pumanaw na si Brother Bosworth upang katagpuin ang Panginoon, sa edad na walumpu't apat na taong gulang.

2 Ngayon, nais kong batiin ang mga taong naka-hook up sa telepono sa buong bansa, mula sa California hanggang sa New York, at — at sa iba'tibang panig ng bansa, mula sa Maine hanggang sa California. Kaya mayroon tayong sis — sistema sa paghu-hook up sa mga teleponong ito, napakalaking pagpapala niyan. At ngayon nauunawaan natin, sa pamamagitan ng butihin nating kapatid na si Brother Pearry Green, na may — mayroon silang munting gadyet na maaari ninyong ikabit sa inyong telebisyon, at hindi lamang ito gagana sa inyong mga telepono, bagkus ay maaari din ninyo itong mapanood sa inyong mga telebisyon. At ngayon nga ay napapanood nila ito.

3 At, Sister Mack, nagagalak akong makita ka na maganda ang lagay mo ngayon, tutugtog ka na ng organ sa gabing ito. At marami sa aking mga kaibigan na galing pa ng Sierra Vista ang nakikita ko, at si Brother Borders — o si Brother Roberson pala, mula sa Indiana: marami pa. Gusto kong sabihin sa mga taong nasa Tabernakulo sa gabing ito, halos kalahati sa kanila ay naririto, at sa Tabernakulo sa Jeffersonville.

At sa kaibigan kong naririto, si Brother Koontz, na katatawag pa lang ninyo, tungkol sa hiling na panalangin sa maysakit. Ipapanalangin ko ang bagay na ito, Brother Koontz. Manampalataya ka lang. Huwag kang magalala. Magiging maayos ang lahat.

At doon sa Texas, Brother Blair kung nakikinig ka ngayong gabi, kaibigan ko, alalahanin mo lamang ang bagay na ito; na ang Diyos na nagdala sa iyo sa unang pagkakataon ay Siya ring Diyos na magdadala sa iyo sa ikalawang pagkakataon. At sumasampalataya tayo na ipagkakaloob ito sa iyo ng Diyos. At huwag ninyong paniwalaan ang ano mang kasinungalingan ng Diablo. Alalahanin ninyo na ang Diyos ay Diyos, at mayroong . . . at Siya pa ring kahapon, ngayon at magpakailanman. At mahal natin Siya at sumasampalataya tayo sa Kaniya, at mananalangin tayo para sa inyo.

Ang lahat ng kaibigan nating nasa California, kay Brother Mercier at sa kanilang lahat na naririto sa Arizona, marami pang ibang lugar, sa Phoenix; at si Brother Williams, at kayong lahat na naka-hookup sa gabing ito, sa buong paligid, talagang nagpapasalamat kami. At doon sa Georgia . . . At talagang nagpapasalamat kami sa bawat isa sa inyo. Pagpapalain kayo ng Panginoon.

4 Ang pakiramdam ko sa gabing ito ay totoong tanggap na tanggap ninyo ako sa magandang simbahang ito, ang Assembly of God dito sa Grantway at gayon din sa butihin kong kaibigan na si Brother Mack. Naaalala ko minsan doon sa Canada, siya noon ay . . . nakasakay ako sa kabayo noon, papasok ako ng kagubatan, at nangusap sa akin ang Espiritu Santo at pinababa ako upang ipanalangin si Brother Mack. Nung panahong iyon ay nasa bingit ang buhay niya, at pinagaling siya ng Panginoon. At pinasasalamatan ko ang bagay na iyan, at ang makasama siya sa pagsamba sa Panginoon sa gabing ito.

Ang sabi ng isang lalaking nakaupo dito sa entablado sa likuran ko, "Palagay ko'y hindi mo ako kilala." Ang sabi niya, "Nung minsan ay isinakay mo ako sa kotse mo dahil naghi-hitchhiking ako," at, ewan, sa Boston yata iyon o kung saan, "parang sa Detroit, naghi-hitchhiking ako noon."

At ang sabi ko, "Buweno, karaniwang tumutulong ako, kung kaya ko rin sa mga nangangailangan."

At ngayong gabi tayong lahat ay nangangailangan. At dalangin natin na iunat ng Diyos ang kamay Niya upang matulungan tayo sa gabing ito, sa mga pagpapala at sa Kaniyang biyaya at habag.

5 Ngayon, kalimitan ay napapahaba ang pangangaral ko, ngunit sisikapin kong huwag gawin ang bagay na iyan sa gabing ito. Pagkat katatawag pa lamang ng mga taga Ohio, si Gng. Dauch at ang grupong naroroon, sina Brother Mckinney at Brother Brown, silang lahat ay naka-hook up. Pinaaabot din namin sa inyo ang pagbati. Gabi na ngayon sa New York, sa palagay ko mag-aalas onse o alas dose na sa sandaling ito, sa New York. At nagdatingan ang mga iglesia at naghintay sila hanggang sa oras na ito, para lamang sa gawain. Pinasasalamatan natin ang mga mabubuting kaibigan natin sa lahat ng dako.

6 Ngayon, bago natin buksan ang Salita, makipag-usap muna tayo sa may Akda sa isang sandali habang nakayuko ang ating mga ulo.

Minamahal naming makalangit na Ama, kami ay . . . Umaapaw ang aming mga puso sa kagalakan dahil

sa pribilehiyo na kami ay buhay sa gabing ito at nagkakatipon kaming kasama ng Iyong bayan. Taglay namin sa ngayon ang Buhay na Walang Hanggan, sapagkat "Ipinagkaloob Mo ang Iyong bugtong na Anak, na sinuman ang sumampalataya sa Kaniya ay hindi mapahamak, bagkus ay magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan." Sa paglalakbay Niya dito sa ibabaw ng lupa, tinuruan Niya kami, "Ang dumirinig ng Aking Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan; at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan, dahil sumasampalataya kami sa bugtong na Anak ng Diyos." Labis Ka naming pinasasalamatan dahil sa dakilang Tagapagligtas na ito. At dalangin namin sa gabing ito na samasama kaming pagpalain dito ng Kaniyang dakilang presensiya, samantalang binabasa namin ang Kaniyang Salita at nangungusap tungkol sa bagay na Ito. Dalhin nawa ng Espiritu Santo ang bagay na iyan sa bawat puso sa buong bansa, Panginoon, saan man nagkakatipon ang mga tao.

Pagpalain mo rin ang lahat ng mga ministro na nasa pulpito. Dalangin namin Ama, na pagpalain Mo itong Grantway Assembly, ang pastor nito, ang kaniyang maybahay, ang kaniyang mga anak, ang mga diakuno, mga trustee at ang buong board. At Ama, nawa'y sama-sama kaming gumawa para sa Kaharian ng Diyos samantalang mayroon pang sapat na Liwanag upang makita namin ang aming kinaroroonan, dahil nalalapit na ang oras kung kailan hindi na kami maaari pang gumawa. At, Ama, samantalang nasa amin pa ang pribilehiyong ito, kami nawa . nawa'y magmadali kami, Panginoon. Nawa'y... nawa'y maipagkaloob sa amin ang bagay na iyan. Pagalingin Mo ang mga maysakit at may karamdaman sa lahat ng dako. Nawa'y maramdaman ang Presensiya ng Diyos sa bawat siwang at sulok ng bansa sa gabing ito.

7 Napapagtanto natin na paparating na ang paghatol. Marami nang guwang na natitibag, at nayayanig ang bansa, at may mga paglindol sa iba't ibang dako. Ang mga dakilang bagay sa kasaysayan na narinig natin tungkol sa mga paghatol nung unang panahon, sa pamamagitan ng Biblia, at nakikita nating nauulit muli sa panahong ito. Ang sabi ng propesiya "Kung paano sa mga araw ni Noe, gayon din sa pagdating ng Anak ng tao. Kung paano sa mga araw ni Lot, gayon din sa pagdating ng Anak ng tao," at nakikita nating nagaganap iyan ngayon. Nanlulupaypay ang mga tao sa takot; matitilihan sa panahon; kasalatan sa mga bansa, Diyos, nalalaman namin na nasa huling panahon na kami.

Tulungan Mo kami, Panginoon, na — na madala namin ang Mensahe sa bawat siwang at sulok, sa bawat anak na Iyong itinalaga sa Buhay. Ipagkaloob Mo ito, Panginoon. Hinihiling namin ang bagay na ito sa Ngalan ni Jesus. Amen. Panginoon, pagpalain Mo ngayon ang pagbasa ng Iyong Salita.

8 Ngayon , marami sa inyo ang gustong tumitingin sa Biblia sa bahaging binabasa ng ministro. At gusto kong bumasa ng tatlong mga talata mula sa Mga Awit, Mga Awit 42, sa gabing ito upang magkaroon tayo ng teksto. At mayroon akong nakasulat na mga Kasulatan dito, at nais kong tukuyin ang mga ito, kung magagawa ko, sa pagpapatuloy natin sa mga susunod na ilang minuto, mangungusap ako tungkol sa paksang ito. Mg Awit ni David, si David ang sumulat ng Mga Awit.

Ngayon, habang binubuklat ninyo, maaari ko itong sabihin. Maraming mga tao ang nagsasabi, "Buweno, kinasihan ba ang Mga Awit?" Aba'y oo. Kinasihan ang mga ito . . . Anomang bagay na - na nasa Bibliang ito ay kinasihan, maging ito man ay kasaysayan, dili kaya'y mga awit, maging ano pa man ito. Ito'y kinasihan. Ang sabi ni Jesus, "Hindi baga ninyo nabasa kung ano ang sinabi ni David sa Mga Awit?" At iniisip ko lang . . .

Ang Mga Salmo, totoo, mga awitin ang mga ito. At kung ang mga awit ay kinasihan ng Diyos, na siya kong pinaniniwalaan, at propetik din ang mga ito, umaasa ako na ako'y tatayo sa araw na iyon kapag ang awiting ito ay naganap na. Magkakaroon ng pagsalubong sa alapaap. Mayroong magaganap na tagpuan sa langit, Sa isang kisap-mata; Tayo ay magkikita at magsasama-sama; Sa tahanang kay saya; Kay siglang pagpupuri kaysaya ng awitan, Anong ligayang pagkikita, At ang Anak ng Diyos ang siyang mangunguna Sa tagpuan sa Langit. Oh, na — nais kong maparoon sa oras na iyon!

9 Ngayon, Awit 42. Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis, gayon humihingal ang kaluluwa sa pagkasabik sa iyo, Oh Diyos. Kinauhawan ng aking kaluluwa ang Diyos, ang buhay na Diyos: kailan ako paririto at haharap sa Diyos? Ang aking mga luha ay naging aking pagkain araw at gabi, habang... habang kanilang sinasabing lagi sa akin, Saan nandoon ang iyong Diyos?

Iniisip ko na si David, habang sinusulat ang Salmong ito, ay nasa kahapisan. At kinakailangan ang kahapisan upang palitawin ang kahusayan ng isang tao. Totoo ito, diyan bumaba ang Diyos . . . kapag nag-aayuno tayo, madalas, kailangan nating iposisyon ang ating sarili sa tabi. At iniisip ko, nung maabot ni David ang mga dakong ito, nagmumuni-muni siya sa Panginoon, nagsimula niyang pag-isipan ang mga bagay na ito.

Madalas, inilalagay tayo ng Diyos sa — sa isang sulok kung saan magagawa nating tumingala. Magkaminsan kailangan nating maratay sa ospital, o sa higaan, upang magawa nating tumingala at nang makita natin kung saan nagmumula ang mga dakilang pagpapala ng Diyos.

10 Ngayon, ang salitang nais kong ipangusap sa gabing ito, isang salita na galing sa Biblia, at

matatagpuan ito sa ika-2 talata, "Uhaw," ang salitang "Uhaw." Hinahanap ko sa diksyunaryo ang kahulugan ng salitang ito.

Pinag-iisipan ko ang — ang isang sermon na minsan ay ipinangaral ko noon tungkol sa "Uhaw sa Buhay." At kinuha ko rin ito sa Mga Salmo, nung sabihin ni David, "Ang iyong mga palatuntunan," sa paniwala ko, "ay higit na mahalaga kaysa buhay."

Pagkatapos ay hinahanap ko at pinag-iisipan ang tungkol sa salitang "pagkauhaw," kaya hinanap ko sa diksyunaryo upang malaman ang kahulugan nito. At ganito ang sabi ni Webster, "ito'y masidhing kagustuhan," masidhi, kapag mayroon kang isang bagay na gustung-gusto hanggang sa ito ay maging isa nang makirot na pagnanasa.

Ngayon, natural lang na mauhaw. Ang pagkauhaw ay i - isang natural na bagay. Ito'y isang bagay na ibinigay ng Diyos sa atin, upang magkaroon tayo ng pagnanasa sa isang bagay. Magkaminsan ay binibigyan ka rin ng Diyos ng i — isang control tower, isang bagay na nasa boob mo, na — na siyang kumukontrol sa mga pagnanasang ito. At ang pagkauhaw na ito, ang control tower na nasa puso ng tao, ay bagay na ibinigay ng Diyos sa kaniya u — upang bigyan siya ng babala tungkol sa mga bagay na kakailanganin niya.

11 Ngayon may dalawang magkaibang uri ng pagkauhaw. Mayroong pagkauhaw na pisikal. At mayroon ding pagkauhaw na espirituwal. Gusto kong basahin itong muli, yung sinabi ni David. Kinauuhawan ng aking kaluluwa ang Diyos, ang buhay na Diyos:...

Hindi Diyos ng kasaysayan, o isang bagay na nangyari ilang taon na ang nakalipas, o — o isang pabula na kinuwento ng kung sino; kundi "sa Diyos na buhay," ang Diyos na laging pangkasalukuyan. At kinauuhawan iyon ng kaniyang kaluluwa, hindi ang isang bagay na natala sa kasaysayan.

12 Ngayon, nalaman natin, ibinibigay ng Diyos sa iyo ang control tower, upang ibigay nito sa iyo ang iyong pangangailangan. Ang control tower na ito ang siyang nangunguna sa iyo. At ang pagkauhaw na ito ay dumadaloy sa iyong kon — tower, contol tower, at sinasabi nito sa iyo ang iyong pangangailangan, kung espirituwal ang pag-uusapan. May control tower na nasa iyong katawan at nasa iyong kaluluwa. May control tower na nasa katawan na nagsasabi sa iyo ng pangangailangan ng iyong katawan, at hinahatid ito sa iyo sa pamamagitan ng pagkauhaw. Mayroon ding control tower na nasa iyong kaluluwa, na nagsasabi sa iyo ng pangangailangan mong espirituwal, bagay na nasa iyong espiritu, at — at sa pamamagitan nito ay matutukoy kung anong uri ng buhay ang kumukontrol sa iyo.

Kapag na — kapag nakikita mo ang mga bagay na ninanasa mo, kung gayon ay masasabi mo kung anong bagay ang nasa iyo, ito ang lumilikha ng iyong nasa. Kita n'yo, may isang bagay kang kinauuhawan, at masa — masasabi nito sa iyong kaluluwa kung anong nasa nito sa pamamagitan ng kalikasan ng pagkauhaw na taglay mo. Inaasahan kong mauunawaan ninyo ang bagay na iyan.

13 May — mayroong control tower para sa kaluluwa, at para sa katawan, at ang bawat tower na ito ay panawagang babala para sa pangangailangan ng isa. Ang bawat isa ay nananawagan para sa katugunan ng nananawagan; nagpapadala ito ng babala.

Halimbawa, ang — ang laman ay nauuhaw sa pangangailangan ng laman, at ang espiritu naman ay nagnanasa sa pangangailangan ng kaluluwa, at kadalasan ay naglalaban ang dalawang ito. Nalalaman natin sa bagay na iyan, kung ano ang malaking problema sa araw na ito, na maraming mga tao na gustong mabuhay sa pagitan ng dalawang pagnanasang ito. Dahil ang isa sa kanila ay nagnanasa sa mga bagay na makalupa; ang isa naman ay nagnanasa sa mga bagay na makalangit.

14 Tulad ng sinabi ni Pablo, inilarawan niya ito sa Mga Taga Roma 7:21, "Kapag gumagawa ako ng mabuti, nariyan ang diablo." Kapag sinubukan mo, naranasan na ba ninyo ang bagay na iyan, mga Cristiano, na kapag sinisikap ninyong gumawa ng isang bagay na kapakipakinabang, o gumawa ng isang bagay na mabuti, saka mo masusumpungan na ang Diablo ay abot kamay, upang sirain ang boob mo, ang lahat ng iyong . . . At iyan ang isang mabuting bagay na gusto kong sabihin, na kailangang malaman ng isang Cristiano na kapag ika'y - kapag ika'y nagsisimulang gumawa, at may isang bagay na pumipigil sa iyo na gawin ang bagay na ito, gawin mo lang. Ang Diablo iyan na humahadlang sa iyo upang gawin ang tama.

15 Ngayon, kadalasan, nakakatagpo ako ng mga taong medyo nerbiyoso. Kapag mayroon silang ginagawa at — at kabi-kabila ang mga hadlang, sasabihin nila, "Siguro hindi ito kalooban ng Panginoon." Kita n'yo? Ngayon, huwag n'yong hayaan na lokohin kayo ng Diablo ng ganiyan. Una ay kailangang tiyakin kung kalooban ba ito ng Diyos o hindi. At kung gusto ninyong malaman kung kalooban ba ito ng Diyos, tingnan ninyo sa Biblia. lyan ang bagay na — na magtutuwid sa inyo, ang Salita ng Diyos; at kapag nakita n'yo na ito'y nasa Salita ng Diyos, na nararapat n'yong gawin .. .

Tulad na lang halimbawa, sa paghingi ng bastismo ng Espiritu Santo. kadalasan nakakatagpo ako ng mga tao, sinasabi nila, "Aba, hinahanap ko ang Espiritu Santo, at talagang hindi ko Ito matanggap. Hindi

ako naniniwalang para sa akin Ito. Sa tuwing madadapa ako, nagkakasakit ako. At nananalangin ako, kapag ako'y nag-ayuno, nagkakasakit ako. At kapag sinubukan kong manatili ng magdamag, o manatiling gising, inaantok naman ako. Hin — hindi ako makatayo." Alalahanin mo, ang diablo iyan. Sapagkat ang gusto ng Diyos ay taglayin mo ang Espiritu Santo. Ito'y para sa sinumang maghahangad.

Kadalasan, kapag ipinanalangin ka sa isang pagtitipon, para sa Makalangit na kagalingan, tapos sa susunod na araw malalaman mo na mas lumala ka pa kaysa nung unang araw, walang pag-aalinlangan, na magagawa ng diablo na doblehin pa ang sakit mo. Kita n'yo?

Alalahanin n'yo, si Satanas lang iyan na nagsisikap na ilayo kayo sa pagpapala na inilaan ng Diyos sa inyo. Kita n'yo? Huwag ninyo siyang pakinggan. Kita n'yo? Magpatuloy lang kayo palagi.

16 May ganiyan akong karanasan kamakailan lang nung patungo ako sa Africa. Sa lahat ng karanasan ko tungkol sa pagpiga sa akin ng diablo, itong huli kong pagtungo sa Africa ang matindi. Gayon man naging isa ito sa — sa pinakamagandang pagtitipon at pagkakataon sa lahat ng pangingibang bansa ko. Sa paniwala ko, maraming bagay akong nagawa sa maikling panahon ng pananatili ko roon kaysa nung mga nakalipas na panahon, maliban sa aking pangangaso. Noon lagi kong iniisip na ayaw ng mga simbahan doon na pumunta ako roon, sa halip nalaman ko . may sumulat sa akin, na, hindi nila gustong pumaroon ako, ang lahat ng mga asosasyon; at nalaman ko na isang tao lang pala iyon na ginamit ang letterhead ng isang organisasyon, na nagsabi, "Hindi ka namin gusto," ang ibig niyang sabihin siya at ang kaniyang pamilya. Kita n'yo? Kaya nung makarating ako roon, ako . . . Kita n'yo, yun palang "kami," ay siya at ang kaniyang pamilya; at hindi ang lahat ng tao. Kaya ngayon isa itong bukas na bukirin para sa atin.

17 Kita n'yo, nung sabihin ni Pablo, "Kapag gumagawa ako ng mabuti, nariyan ang diablo."

Hayaan mong lumapit sa altar ang isang kabataang mananampalataya sa gabing ito, saan man dito sa tabernakulo, o — o sa buong bansa; at alalahanin lang n'yo, kinabukasan, yung nanay ay galit pa sa kaniya ng higit sa dati, mangungunsumi ang tatay n'ya at ang lahat ng kamag-aral n'ya. At ang lahat na lang ay tila baga maling lahat, sapagkat sinisikap ni Satanas na pabalikin ka. Pinipilit niyang ilihis ka ng landas. "Kapag gumagawa ako ng mabuti, nariyan ang Diablo."

18 Ngayon, tingnan natin ang pagkauhaw, at tingnan natin kung ang kauhawan ay isang natural na bagay. May mga taong nagsasabi sa akin, "Naku, hindi ako naniniwala. Sa paniwala ko para lamang iyan sa mga taong nais maging maging Cristiano." Naku, hindi. Mali iyan. Ang totoo ang bagay na ito ay may kinalaman sa tao. Totoo talaga 'yan. Nung dumating tayo sa bansang ito nung unang panahon, inabutan natin ang mga Indian dito. At ang mga Indian, kahit pa nga mga hiteno sila nung mga araw na iyon, sumasamba sila sa araw o kung saan. Basta't sila'y tao, may isang bagay sa kalooban nila, isang natural na kauhawan, nananawagan sa Diyos, mula sa kung saan.

19 Doon sa kagubatan, kamakailan lamang, apat na raan at walumpong milya ang layo mula sa pinakamalapit na sibilisasyon, doon sa isang maliit na kabayanan ng Beira, Mozambique ay may naninirahang mga tatlong libong katao. Nakasumpong kami doon ng mga katutubo na — na hindi pa kailan man nakakita ng taong puti. Nakakita ako roon ng isang batang babae, wala siyang saplot sa katawan, nakahubad siya (sinoman sa kanila ay wala halos suot na damit), at nasa itaas siya ng puno. At sinusundan ko ang isang leon, at mayroong . . . at nakarinig ako ng tila isang tao na sumisigaw. Ang batang babaeng ito ay naroon sa itaas, palinga-linga may kilik siyang sanggol. At ang kinatatakutan niya . . . Ang tanging proteksiyong alam niya laban sa leon, leopardo o anomang hayop ay ang umakyat sa puno. At nakita niya ako, at narinig niyang isa pala itong tao, ngunit nang tumingin siya at ang nakita niya ay isang taong puti na noon lamang niya nakita (Kita n'yo?), at takot na takot talaga siya. Kita n'yo?

Ngunit nang masumpungan namin ang mga taong iyon, maging sa sinauna nilang kalagayan ay nananambahan pa rin sila. Bago namin sila pinapila, may ibinuhos silang kakanin (Iyon ang kinakain nila.) sa isang maliit na dahon, at pumapalakpak sila at tinatawag nila ang espiritu ng isang makapangyarihang nilikha na hindi nila nalalaman kung saan naroon (tulad ng isang Catolico na tumatawag sa isang banal na patron), upang ingatan sila, na hindi sila mapatay ng leon sa oras ng pagsalakay nito.

20 Kita n'yo, natural na bagay ito. Isang natural na bagay na kauhawan ng tao ang Diyos. Natural na bagay ito. Isang bagay ito na nararapat mong gawin. Nilikha ka ng Diyos na ganiyan. Hindi iyan isang super human pangkaraniwan lang 'yan. Hindi iyan isang espesyal na bagay na para lang sa ilang tao.

Ang sabi nila, "Buweno, nakita ko kung paano mamuhay ang ilang tao ng isang — isang matagumpay na pamumuhay, na napapanatili nila ang mataas na kalagayan at nagpupuri sa Diyos. Sana gayon din ang maramdaman ko." Buweno, ang dahilan kung bakit ganiyan ang pakiramdam mo ay dahil mayroong kauhawan sa kalooban mo. At natural lang ang bagay na iyan. Para sa lahat ng tao ang mauhaw sa Diyos.

21 Ngayon, kunin muna natin ang ilang natural na kauhawan. Kunin nating halimbawa ang kauhawan sa tubig. Tulad ng sinabi ni David na pagkauhaw sa tubig. Kauhawan sa tubig, nangangailangan ang katawan ng tubig. At kung hindi mo tutugunan ang pagkauhaw na iyan, ikamamatay mo. Matutuyuan ka, at hin — hindi ka mabubuhay. Kung hindi ka kukuha ng tubig upang maibsan ang kauhawan ng natural na katawan, di maglalaon ay mamamatay ka. Hindi tatagal ang buhay mo. Mabubuhay ka ng matagal kahit walang pagkain kaysa kung walang tubig. Sapagkat makapag-aayuno ka ng apat na pung araw (ginawa iyan ni Jesus, sa palagay ko, walang - walang pagkain, ngunit hindi mo iyan magagawa ng ganiyan katagal ng walang tubig. Matutuyuan ka at ikamamatay mo iyan. Kailangan mo kasi ng tubig. At — at ang kauhawang dumarating sa iyo, aba'y, upang ipakita na may isang bagay na kailangan ng katawan upang mapanatili itong buhay. Kinakailangang magtaglay ng tubig ang katawan upang manatili itong buhay. Ika'y mga walumpung porsiyentong tubig at petrolyo, at kailangan mong taglayin ang mga bagay na ito upang manatili kang buhay. Tulad ng sinabi ko, kung kaliligtaan mo ang mga bagay na ito ay ikamamatay mo.

Ang kauhawan ay isa ring alarma. Ito'y isang alarm clock na nauuhaw. Ang kaluluwa ang siyang naglalapat sa alarm clock, isang munting buzzer na nasa boob mo nagbababala na ang kamatayan ay papalapit nang papalapit, na kung hindi ka magmamadaling uminom ng tubig, ikamamatay mo ito. At palakas ito nang palakas, hanggang sa huli ay aalisin mo na ito at mamamatay ka na, sapagkat ito'y isang alarm clock.

22 Tulad ng inilarawan dito ni David sa Mga Awit, "Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis, gavon humihingal ang aking kaluluwa so pagkauhaw sa Iyo, o Diyos." Kung paanong humihingal ang usa sa tubig ng batis...

Madalas naiisip ko, habang binabasa ko ang tungkol kay David. Si David ay mahi lig sa gubat, isa siyang mangangaso. At siyempre, nangangaso siya ng usa. At ang hart ay usa.

At nalaman natin, kung nakita n'yo na ang mga aso, ang mababangis na aso ay nananakmal ng usa. At kalimitan nahuhuli nila sila, tulad Jig mga coyote, ng fang. At magagawa nitong sakmalin ang usa doon mismo sa pinakapuno ng tainga, at iwawasiwas niya siya. Lalaslasin niya ang lalamunan ng usa, at hindi magkakaroon ng pagkakataon ang usa. Ngun it magkaminsan ang — ang — ang aso, tulad doon sa Africa, sasakmalin ng mabangis na aso ang kaniyang tagiliran kapag sumab lay siya sa lalamunan. Sasakmaiin niya ang usa

sa ikalawang pagkakataon sa tagiliran. At kapag malakas at maliksi ang usa, makaaalpas siya sa aso.

23 Higit na mabilis ang usa. Sinusunggaban siya ng aso kapag hindi ito nakatingin, at kapag pasalungat ang hangin sa kaniya, at — at hi — hindi nito namamalayan na malapit na ang — ang aso.

At kapag dinaluhong na siya ng aso, kung mabilis talaga siya, makaaalpas siya. At — ngunit kung biglang lalabas ang aso sa damuhan, masasakmal nito ang laman ng usa. 0 kapag nasakmal nito ang leeg magkaminsan, hindi nahahagip ng kagat nito ang malaking ugat sa leeg. At ang usa, sa kaniyang pagpalag, isang malaking tipak ng karne mula sa lalamunan ng usa ang matatapyas, at magsisimulang tumulo ang dugo.

At susundan ng aso ang mga patak ng dugo, hahabul in niya ang usa. At kapag ang buhay ng usa ay unti-unti nang natutuyo, dahil sa ang dugo na siyang bukal ng buhay ng katawan, habang unti-unti itong nauubos, pahina na ng pahina ang usa. At ang aso naman, o ang lobo, ay nasa I ikuran na ng usa.

Ngayon, kung hindi makasusumpong ng tubig ang usang iyon ...Ngayon, may kung anong bagay na taglay ang tubig, na kapag nakainom ang usa, humihinto ang pagdurugo. Ngunit kung hindi siya makaiinom ng tubig na makapagpapaginhawa sa kaniya, kung gayon ang — magpapatuloy at magiging mabilis ang pagtulo ng dugo; dahil patuloy siya sa pagtakbo, kaya't patuloy din ang malakas na pagtibok ng puso niya. Datapuwat kung makararating tang sana siya sa tubigan, mabubuhay ang usa.

24 Ngayon, may dakilang aral dito (Kita n'yo?) at sinasabi ni David dito, "Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng batis, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa Iyo, 0 Diyos."

Ngayon, nalalaman ng usang iyon na kung hindi siya makasusumpong ng tubig ay ikamamatay niya. Hindi na siya mabubuhay. Maraming ulit na akong tumugaygay sa mga ito matapos silang masugatan. Kapag nakatagpo siya ng sapa, tatawid siya at iinom, aahon siya sa burol; babalik siyang muli at tatawid na naman siya at muting iinom ng tubig at aahon na naman siya. Hindi ka makahahabol sa kaniya, habang sinusundan niya ang agos ng sapang iyon. Subalit kapag iniwan niya ang ilog na iyon, kung hindi siya makahahanap ng isang batis sa i bang dako, madali mo siyang mahuhuli. At ngayon, alam iyon ng usa, kaya mananatili siya sa gilid ng tubigan, kung saan madali siyang makababalik. Ngayon, maiisip n'yo ba ang usa habang nakataas ang ilong niya, doon siya masasakmal sa isang dako na walang tubig?

25 At sasabihin niya, "Kung paanong nauuhaw o humihingal (ito'y pagkauhaw) ang usa sa mga batis ng

tubig, humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa Iyo, 0 Diyos. Malibang masumpungan Kita, Panginoon, mamamatay ako. Hin — hin — hindi ako maaaring magpatuloy malibang masumpungan muna Kita." At kapag ang isang lalaki o babae, ang batang lalaki o batang babae ay nagkaroon ng ganiyang uri ng pagkauhaw sa Diyos, mayroon siyang masusumpungan. Kita n'yo?

Ngunit kung dudulog tayo nang maligamgam, "Buweno, luluhod ako at titingnan ko kung ano ang gagawin ng Diyos. (Kita n'yo?), hindi ka pa totoong nauuhaw. Kinakailangang ang pagkauhaw mo ay nasa pagitan ng kamatayan at Buhay, kung gayon ay mayroong mangyayari.

26 Ang usa, siya rin naman ay . . . Nalaman natin na mayroon din siyang pandamang pangamoy, na nagbibigay sa kaniya ng babala kapag malapit na ang kaaway. Mayroon siyang taglay, ang munting nilikhang ito ay may taglay na pan — pandama upang ingatan ang kaniyang sari I i. At siya'y — siya'y mayroong munting alarma sa loob niya, isang munting bagay, na kumikiliti sa ilong niya kapag malapit na ang kaaway. Kapag ang tayo ng kaaway ay paayon sa hangin, malalaman niya kaagad na nariyan ka, tatalilis agad siya. Magkaminsan kahit kalahating milya ang layo mo, amoy ka pa rin niya at tatakas na siya, o kahit nga ang lobo o ang anumang panganib. Nararamdaman niya ito sapagkat gayon ang pagkakalikha sa kaniya. Isa siyang usa, iyon ang kalikasan niya. At ang pandamang iyon na nasa kaniya ay isa lamang sa mga pandamang bigay ng Diyos upang ipamuhay niya.

27 At naisip ko, kung ihahambing ang usa sa tao na nauuhaw sa Diyos. Bago pa man makalapit ang kaaway, may isang bagay sa isang anak ng Diyos, na kapag ika'y naipanganak ng Espiritu ng Diyos at tinanggap mo ang bautismo ng Espiritu Santo, may isang bagay sa isang tao na nararamdaman niya ang kaaway. Makikilala mo ang isang tao kapag kinuha niya ang Kasulatan, at nagbabasa siya ng Kasulatan at nagsingit siya ng isang bagay sa Kasulatang iyon, na taliwas sa Kasulatan, mararamdaman agad ito ng isang taong puspos ng Espiritu Santo [pinasaltik ni Brother Branham ang daliri niya - Ed]. May bagay na wala sa lugar. Kapag humantong siya sa isang dako, at — at ang munting pandamang iyon na naroroon ang siyang mag-iingat sa iyong buhay. Hindi ka — hindi ka dapat sumang-ayon sa isang bagay malibang tumugma ito sa Salita ng Diyos. Kinakailangang manatili ka sa Salitang iyon. At ngayon, ligtas tayo dahil sa pandamang iyon habang nananatili tayo sa Espiritu Santo.

28 Maaari kang magbasa, at tulad na lang halimbawa, kapag may nagsabi, at binasa ko ang Marcos 16, at sinasabing, "At lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonio sa Aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; sila 'y

magsisihawak ng mga ahas, at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit at sila 'y magsisigaling.

Ngayon, biglang may tatayo at magsasabing, "Iyan ay sa panahon lamang ng mga apostol." Iyan . . . Ngayon, kaagad, kung tinanggap mo na ang Espiritu Santo, taglay mo na ang pandamang iyon. Tatanggihan nito ito. Mayroong mali sa bagay na iyan. Kita n'yo? Pipilitin nila itong ipaliwanag, na ito'y para sa ibang panahon, na hindi mo na ito kailangan sa araw na ito. Ngunit ang sabi ni Jesus, "Magsisisunod ang mga tandang ito sa kanila na nagsisisampalataya." Kita n'yo, may isang munting bagay na tumatanggi sa boob mo, isang munting alarma, upang malaman na mali ang bagay na iyon at iyon ang daan tungo sa kamatayan.

29 Pagkat ang sabi ni Jesus, "Kung magdadagdag tayo ng isang salita Dito, o kung magbabawas tayo ng isang Salita mula Dito, aalisin ang bahagi natin sa Aklat ng Buhay." Kita n'yo, kahit isa lang. Kailangan natin Itong tanggapin kung paano Ito nakasulat. At minamatyagan ng Diyos ang Kaniyang Salita upang Ito ay Kaniyang tuparin, at nalalaman natin na kailangan Itong maging tamang-tama.

kahit ano pa ang sabihin ng isang iglesia, kahit ano pa ang sabihin ninuman, kung ipinanganak ka ng Espiritu ng Diyos, nagiging bahagi ka ng Biblia. Sinabi ng Diyos kay Ezekiel; isa siyang propeta; ang sabi Niya, "Kunin mo ang kalatas at kainin mo ito," kung gayon ang propeta at ang kalatas ay naging bahagi ng isa't isa. At ganiyan ang mananampalataya kapag tinanggap niya ang Espiritu Santo; ang Espiritu Santo ang sumulat ng Biblia, at ang Espiritu ng Diyos ay ang Salita ng Diyos. "Ang Aking mga Sal ita ay Espiritu. Sa pasimula ay ang Salita; ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang tao at tumahan sa gitna natin." Hebreo 13:8, "Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man."

At kapag bahagi ka ng Salitang iyan, naku, kung may isang bagay na lilitaw ng taliwas sa Salitang iyan, [Pinasaltik ni Brother Branham nang maraming beses ang kaniyang daliri —Ed.] tutunog kaagad ang alarma. Kita n'yo, Ito' y upang bigyan ka ng babala na ang kamatayan ay paparating na. Hindi natin dapat gawin iyan. Mayroon ding...

30 Mayroon ding isang kauhawang nauukol sa tagumpay. Maraming tao sa araw na ito, nag-aaral bunsod ng kauhawang ito. Napansin nating sin imulan na nila ang unibersidad. At nagpunta kami roon, at gumugugol ng libu libong dolyares ang mga tao upang pag-aralin ang kanilang mga anak sa paaralang ito,

at — at sa mga unibersidad at kolehiyo, at lahat ng iba pa, upang makakuha ng edukasyon, “Upang maging matagumpay,” ika nga, “sa buhay.” Ngunit ngayon, wala akong laban diyan; ngayon, ayos lang 'yan. Ngunit, para sa akin, maaari mong makamit ang lahat ng uri ng pinag-aralan sa buong mundo ngunit hindi mo pa rin masusumpungan ang tamang tagumpay. Tama. Sapagkat bahagya at pansamantala lamang na mapapagaan nito ang mga bagaybagay dito para sa iyo. At mayroong . . . Ngunit kapag namatay ka, iiwanan mo ang lahat ng iyan dito.

31 At ang kabuuan ng ekonomiya nating ito ... sinabi ko ito doon sa Phoenix nung isang araw. At maaari kong sipiin itong muli, na, “Ang lahat ng modernong sibilisasyon, ang buong programa ng edukasyon, ang buong programa ng siyensya, ay pawang taliwas sa Salita ng Diyos at sa Kaniyang kalooban.” Ang sibilisasyon ay talagang . . . Wala nang iba pang darating na sibilisasyon sa ibabaw ng lupa, tulad ng isang ito. Ito'y likong sibilisasyon. Nilikha ng Diyos ang unaNiyang sibilisasyon sa ibabaw ng lupa, nang bigkasin ng Diyos ang Kaniyang Salita, binhi sa bawat uri, at sa sibilisasyong iyon ay walang kamatayan, sakit, kalungkutan. At ngayon kinukuha natin ang lahat ng bagay na nasa mundo ng siyensya, na nalagay dito upang pagsamasamahin ang lahat ng ito, at binaluktot natin ang mga ito at lumikha tayo ng isang bagay, at ang hatid nito ay kamatayan.

Tulad ng atomic bomb. Hindi ko alam kung ano ang pormula ng mga bagay na ito, baka magkamali ako ng pagkakasabi. Kumukuha sila ng uranium upang hatiin ang isang — isang molekula, at ang isang molekula ay nahahati sa atoma. Ano ang mangyayari kung gayon? Magagawa nitong paglahuin ang lahat halos, nawawasak ito. Ang lahat ng ginagawa natin...

32 Kukuha tayo ng medisina, ihahalo ang isang pormula sa isa pang pormula, upang gamutin ang bagay na ito, at ituturok ito sa atin. At ano ang ginagawa natin? Iba naman ang sinisira natin.

Ngayon, sa palagay ko na — nabasa n'yo ang “Reader's Digest,” nung nakaraang buwan kung saan ang sabi, “Sa kapanahunang ito na kinabubuhayan natin ngayon, na ang mga kabataang lalaki at babae ay nasa gitnang gulang na sa pagitan ng edad na dalawampu at dalawamput limang taong gulang.” Isipin n'yo ang bagay na iyan. Mga batang babae na nagmemenopos na, at dalawampu, at dalawampu't dalawa at dalawampu't tatlong taong gulang pa lang ay nasa gitnang gulang na. Kita n'yo, ang dahilan nito, ang mga hybrid na pagkain at kung anu-anong mga kinakain natin. Kita n'yo? Ang bagay na ito, ang pagkain at ang — ang buhay na ipinamumuhay natin. Ang mga syentipiko ang naghatid sa atin nito, at dahil dito pinapatay nila kayo.

Galing ako sa Africa kung saan nakita ko ang mga kabataang lalaki na hindi nakatikim ng gamot sa buong buhay nila. Kumakain sila ng karneng inuuod. Umiinom sila mula sa mga lubluban na sa tingin mo'y mamamatay ang isang baka kung iinom dito. At namamaril ako ng target sa layong dalawandaang yarda, at hindi ko iyon makita sa pamamagitan ng isang pares ng binoculars na ang lakas ng lente ay pitong daan at limampu. Samantalang may isang lalaki roon na kaedad ko, kaya niyang sabihin kung saan tumama ang aking punglo sa pamamagitan ng hubad niyang mga mata. Ngayon, kung may nagawang buti ang mga makabagong kulturang ito . . . Sa pakiramdam ko kung taglay ko ang kaniyang mga mata at sikmura, marahil magiging malusog na tao ako. Siyanga.

Ngunit hayan ka na (Kita n'yo?), 'yan ang ginawa sa atin ng agham, edukasyon, at sibilisasyon, winasak tayo ng mga ito. Sinira natin ang ating mga sarili. Nagsimula ito sa hardin ng Eden at nagpatuloy magpahanggang sa ngayon. Ngunit kinauuhawan pa rin natin ang tagumpay .. . At nauuhaw din tayo sa pakikisama. Gusto natin ng pakikisama.

33 Tulad ng binata't dalaga. Pangkaraniwan lang — oh hindi (ang ibig kong sabihin) natural lang sa isang binata't dalaga na umi — umibig isa't isa. Nasa edad na sila, at ma — mahal nila ang isa't isa. At natural lang 'yon; natural lang na bagay iyon.

Ngayon, maraming bagay ang natuklasan natin, sa buhay na kinabubuhayan natin sa katawang natural, na ating kinauuhawan. Ito'y bagay na nasa kalooban natin. Gusto natin itong gawin; totoong nararamdaman natin na ito ay mahalaga. At kinakailangan natin itong gawin.

Marami tayong nakikitang mga kababaihan na nauuhaw sa kagandahan. Ngayon, kahit sinong babae . . . Natural lang na kauhawan ng isang babae ang maging maganda. Naturalesa iyan na — na bigay ng Diyos sa kaniya at — at ang kagandahan niya ay ibinigay ng Diyos para sa mapapangasawa niya. At natuklasan natin ngayon na ginusto ng mga kababaihan na maging ganiyan. Bakit nga ba nagkaniyan? Dahil bigay iyan ng Diyos sa kaniya. At hindi mali para sa isang babae na maging maganda. Kailangan nilang maging maganda.

34 Nalalaman ba ninyo na sila ang tanging nilalang na — na ang mga babae ay higit na maganda kaysa mga lalaki; 'yan ay sa lahi ng tao. Ang bawat, halimbawa ang — ang baka o ang toro, ang babaeng usa at ang lalaking usa, ang inahing manok at ang tandang, ang inang ibon at amang ibon, makikita mo na laging higit na malaki at maganda ang lalaki kaysa babae. Ngunit pagdating sa tao, ipinapakita nito na dito dumating ang kalikuan, nabago ito; at ang mga kababaihan ay — ay higit na naging maganda, at

nagnanasa silang magpaganda.

Hindi tulad ng mga kakatuwang nilalang na ito na laman ng lansangan sa mga araw na ito; hinding hindi ang ganiyang uri ng kagandahan. Hindi. Iyan ang pimakanakaririmarim na tanawing nakita ko sa buong buhay ko. Opo. Iyan ay kalikuan; paglihis iyan sa tunay na pagkauhaw.

35 Ngayon, ang tunay na kauhawang dapat taglayin ng isang babae ay ang "magsigayak ng mahinhing damit, at magkaroon sila ng espiritung tulad ng kay Cristo." I Timoteo 2:9. Iyan dapat ang na kinauuhawan ng babae. Ngayon, kung gusto mong maging maganda, iyan ang magpapaganda sa iyo (Kita n'yo?) ang espiritung tulad ng kay Cristo, at ang pagdadamit ng may kahinhinan.

Ay naku, ang iba nga sa mga taong nasa kalye ngayon, ni hindi mo na matukoy kung sino ang lalaki at babae, at ito'y — ito na ang pinakanakaririmarim na bagay na Hin — hindi pa ako nakakita ng ganiyan, ng mga taong ganiyan. Hindi na tao iyon. May pinta ang mga mata nang ganiyan kataas, at alam n'yo, ang mga katawa-tawang matang iyon na animo'y mga mata ng bubuli, at lahat ng mga katawa-tawang damit na suot nila. Aba'y, ni hindi nga ito...

Ang mga ito'y wala na sa ayos, hindi na tuloy sila mukhang mga tao. At Ilan sa mga kabinataang iyon na sinusuklay nang pababa ang kanilang mga buhok sa harapan, gamit ang rollers ng kapatid nilang babae, alam n'yo ba, aba, ito'y isa nang ganap na kalikuan. Tama. Ito'y - ito'y - ito'y si Satanas, at si Satanas ang gumagawa ng kalikuang ito.

36 Nung ginawa ng Diyos ang lahat ng bagay sa hardin ng Eden, napakaganda nito, tapos ay pumasok si Satanas at binago niya ito. Walang kakayanang lumikha si Satanas. Isa lamang ang Manlilikha; ang Diyos iyon. Datapuwat nilihis ni Satanas ang orihinal na nilikha. At siya'y nakapasok na ngayon dito (tungkol diyan ang ipangungusap ko sa gabing ito) sa panliliko - panliliko ng kauhawan mula sa orihinal na pagkalikha nito.

Ngayon, tulad ng sinabi ko kanina, gusto ng babae na maging maganda. May kung anong bagay na nasa pagkababae niya, at gusto niyang maging gayon. Subal it sa kanilang mga inaasta sa kalye ngayon, gupit-lalaki, suot ang damit na pan lalaki; tapos ang lalaki naman, nakadamit pambabae, at mistulang babae ang buhok niya.

Kita n'yo, ito'y isang pagkalihis, ang kabuuan nito. Ang pagkain ninyo ay lihis na. Ang buhay mo'y lihis, ang iyong kauhawan, lihis na. Ang iyong pagnanasa ay lihis. Panahon ito ng pagkalihis.

37 Nangusap ako rito kamakailan lang tungkol sa "Eden ni Satanas." Gumugol ang Diyos ng anim na libong taon sa paggawa ng sakdal na Eden. Dumating si Satanas at binugahan niya ang mga binhing ito at sinira niya ang mga ito. Ngayon, umabot na rin siya ng anim na libong taon at naitatag na niya ang sarili niyang Eden na maka-agham na humantong sa ganap na pagkalihis ng dating matuwid.

At kapanahunan ito ng pagha-hybreed, pagha-hybreed. Maging ang — ang mga iglesia ay hina-hybreed na rin nila. Tama 'yan. Pumapasok sila dito; basta pumupunta lang sila sa simbahan; isa na itong kapisanan sa halip na simbahan. Ang simbahan ay isang dako kung saan nagtitipon ang mga tao upang sambahin ang Diyos sa Espiritu at sa Katotohanan. At ngayon isa na itong kapisanan. Pupunta tayo doon at gugugol ng kaunting panahon upang makipagkamayan, at mag-fellowship, at magkape sa likuran ng gusali, tapos uwian na at babalik na naman sa isang linggo dahil tapos na ang ating tungkuling pangrelihiyon.

Ngayon, ito'y likong kapanahunan. At si Satanas ang siyang naglilihis sa mga kauhawang ito na inilagay ng Diyos sa iyo. Nililihis ito ni Satanas. Ngayon, kung gusto ninyong malaman kung ano ang tama, kalikuan...

38 Kayong mga kababaihan, kung nais ninyong maging maganda, kunin ninyo ang I Timoteo 2:9, 'yan ay "magsigayak kayo ng mahinhing kasuotan - kasuotan, taglay ang espiritung tulad ng kay Cristo, maamo, nagpapasakop sa kanilang asawang lalaki," at lahat na. Iyan ang nararapat na gayak ninyo, ang buhay na ipinamumuhay ninyo.

Nililihis niya ang mga katangian ng Diyos, at ang tunay na kauhawang ukol sa Diyos, sa katawan at sa kaluluwa, sa pamamagitan ng pita ng laman at kasalanan: ang kasalanan ay isang kalikuan. Nalaman natin ngayon, na kinuha ng tao ang kalikuan; ang pagkauhaw sa Diyos, ang pagkauhaw sa kagandahan, at ang lahat ng mga kauhawang ito upang . . . Ang kauhawan sa tubig ay pinalitan nila ng pagbibigay kasiyahan sa pamamagitan ng paginom. Ang kauhawan sa kagalakan (Lahat ng tao ay gustong magkaroon ng kagalakan.), ang pagkauhaw sa pakikisama, ang lahat ng mga dakilang pagkauhaw na ito ay inilagay ng Diyos upang mauhaw tayo sa Kaniya (Ginawa ka ng Diyos upang mauhaw ka sa Kaniya.) at sisikapin nating punuan ito sa pamamagitan ng ibang uri ng pagkauhaw, sa pamamagitan ng isang lisyang kauhawan.

Nakikita ba ninyo ang nangyayari sa natural? Nakikita ba ninyo ang nangyayari sa espirituwal? Iniisip

natin na kapag umanib na tayo sa isang iglesia — nabibigyan na ng kasiya- . . . yun lang ang kailangan nating gawin. Aba, maling mali iyan. Hindi. Gusto ng Diyos na mauhaw ka sa Kaniya. "Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa Iyo, o Diyos." Kita n'yo, kita n'yo?

39 Ngayon, kung humihingal ang usang iyon sa tubig ng mga batis, paano na lang kung may isang darating, at isa pang kaibigang usa ang darating at magsasabi, "Sasabihin ko sa inyo kung ano ang magagawa ko. May alam akong lubluban sa dako roon." Buweno, hindi iyan magugustuhan ng isang usa. Siya ... Walang buting maidudulot ito sa kaniya.

At walang anumang bagay na makapapatid sa pagkauhaw na nasa tao, malibang pumasok sa kaniya ang Diyos. Kailangan niya itong taglayin dahit kung hindi ay ikamamatay niya. At walang sinumang tao ang may karapatan upang ibsan ang banal na kauhawang iyon na nasa kanila sa pamamagitan ng mga bagay ng sanlibutan. Hindi po. Hindi maka-Diyos ito. At kung kinauuhawan mo ang Diyos, huwag kang makikipagkamay sa mangangaral at magpapalista ng iyong pangalan sa aklat. Kung nauuhaw ka sa Diyos, isang bagay tang ang maaaring makapagbigay ng kasiyahan diyan; iyon ay ang katagpuin mo ang Diyos. Kailangang kauhawan mo ang Diyos, iyan lang ang tanging paraan upang makatagpo mo Siya, mauhaw ka sa Kaniya.

40 Mayroon ding panganib diyan, kung hindi ka mag-iingat sa ginagawa mo sa pagkakataong iyan. Kung nauuhaw ka sa Diyos, tiyakin mo na ang Diyos ang iyong masusumpungan. Kita n'yo? Tiyakin mong ito'y - maiibsan ang iyong pagkauhaw. Ngunit kapag nagawa ni Satanas na ilihis ka mula sa mga natural na panlasang ito (at gagawin niya ang lahat), to — talagang sisikapin niyang masiyahan ka.

Lalabas ang isang lalaki . . . ang dahilan kung bakit naglalasing ang isang lalaki: ay sapagkat siya'y nag-aalala at nasisiphayo. Mayroong kulang sa kaniya.

41 Naroon ako sa Mayo's, kamakailan lang, naparoon ako para sa isang panayam. At napag-usapan doon ang tungkol sa pag-inom, at sinabi ko sa kanila na manginginom noon ang aking ama. Sabi n'ya, "Ano'ng dahila't naging manginginom siya?"

Ang sabi ko, "Hindi ko alam." Sabi n'ya, "Dahil may isang bagay na-hindi siya nasisiyahan, at iniisip niya na hindi ito mawawala sa isip n'ya kung hindi siya iinom."

Nakuha ko kaagad 'yon. Kita n'yo? Totoong Diyos lamang ang makatutugon sa pagkauhaw na iyon. Ang Diyos lamang ang tanging makatutugon sa makataong pagkauhaw, ang pagtanggap sa Diyos.

42 Ngayon, kinukuha ni Satanas ang mga bagay na ito, tulad ng sinabi ko at in i I i liko niya ito. At kung ika'y - kung ika'y Kung hindi mo bibigyan ng tamang lugar ang pagkauhaw na iyan sa buhay mo, at hindi mo kauuhawan ang mga bagay na inilaan ng Diyos upang pigilan ang pagkauhaw na ito, upang ito ay maibsan, kung magkagayon ay aakayin ka ni Satanas sa mga imbakan ng maruming tubig ng sanlibutang ito. Kailangang mayroon kang pagkunan ng bagay na ito. Kung hindi ka makatatagpo ng pagkain, manginginain ka mula sa isang basurahan. Kita n'yo? At kung hin — hindi ka makakasumpong ng tubig, at malapit ka nang mamatay, iinom ka na lang kahit sa anong uri ng tang - tangke dahil naghihingalo ka na.

Ngunit hindi dahilan ang bagay na iyan kapag nauuhaw ka sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay buhay na Diyos, hindi lamang pang-kasaysayan. "Kinauuhawan Ka ng aking kaluluwa, buhay na Diyos," isang bagay na nagbibigay ng tubig na buhay, bagay na nagbibigay ng kasiyahan.

43 May isa pang kalikasan, isang natural na kalikasan na taglay ng pagkauhaw na iyon ng kaluluwa. Maaaring sabihin mo, "Ang pagkauhaw bang iyon ng kaluluwa ay natural?" Siyanga, natural lamang na mauhaw ang kaluluwa. At ito'y . . . Sapagkat ganito ka ginawa ng Diyos upang ikaw ay mauhaw sa Kaniya. Gusto Niyang mauhaw ka sa Kaniya. Ngayon, ganiyan ka ginawa ng Diyos. Hindi Niya kailangang gawin iyan sa iyo, gayon man ay ginawa Niya ito. At kung hindi ka niya ginawang ganiyan, magkakaroon ka ng katuwiran sa araw ng paghatol, masasabi mong, "Hin — h in — hindi ko kinauhawan ang Diyos." Ngunit hindi mo maaaring idahilan ang bagay na iyan. Oo nga't magagawa mo. Maaaring ito ay ang iyong asawa; o ang iyong kotse o maging anoman ito; maaaring nagsisimba ka at sinisikap mong punuan ito. At wala akong ano mang laban sa pagsisimba, ngunit hindi iyan ang katugunan. Kailangang masumpungan mo ang Diyos, ang buhay na Diyos, ang Diyos ng kalangitan sa iyong kaluluwa, diyan lamang maiibsan ang pananabik at pagkauhaw na hinahanap mo.

Ngayon. Ginawa ka Niyang ganiyan upang kauhawan mo Siya, ang pakikisama sa Kaniya. Ngayon, mayroong tunay na kauhawan para sa pakikisama. Ngayon, gusto nating magkita-kita. Ginagawa natin iyan sa gabing ito. Nagkakatipon tayo sa gabing ito sapagkat gusto nating magsamasama. Bakit natin ginagawa ang bagay na ito? Dahil may isang bagay sa boob natin na gusto nating magkita-kita. Natural lamang iyan. At ngayon, nagkikita tayo rito dahil sa isang bagay; iyan ay dahil nauuhaw tayo sa Diyos. Kita n'yo? At ngayon nagkakaunawaan tayo dahil sa iisang paniwala tungkol safellowship. Sa boob ng simbahang ito ngayong gabi, marahil ay maraming magkakaibang makadenominasyong pananaw at kung

anu ano pa; ngunit pagdating sa pagkauhaw na iyan, maaari tayong magpang-abot, sa iisang paniniwala: tayong lahat ay nauuhaw. Maaaring ang iba ay naniniwala sa wisik, ang isa naman ay sa bautismo, at ang isa ay sa buhos, at iba pa; subal it pagdating sa pagkauhaw sa Diyos, nag — nagkakaunawaan tayo. At ginawa tayo ng Diyos na ganiyan upang magawa natin iyan: ang mauhaw sa Kaniya at sa Kaniyang pakikisama. Wala akong anomang nalalaman ..

44 Nung batang paslit pa lamang ako, lumaki ako sa isang napakahirap na pamilya. At naaalala ko noon na malimit akong sumama sa ibang mga bats. Ni hindi ako makapagbihis para sa isang disenteng lugar. Ngunit, hin — hindi ko nalalaman, may kung ano sa mga tao na nagugustuhan ko noon. Gusto kong sumama sa kanila. Kaya lang ako noon, kulang na lang ay tawagin akong black sheep. Ngunit nung ako ay maligtas at masumpungan ang Isang bagay na iyon nasa boob ko na aking kinauuhawan, isang — isang Kaibigan, Isa na magiging kasama ko, Isa na mapagkakatiwalaan ko, Isa na maaari mong makatabi at makausap tungkol sa mga problema . . . At nang . . . Natagpuan ko ang tunay na kasiyahang iyon nang masumpungan ko si Jesus Cristo, Siya na totoong nagbibigay kasiyahan na Siyang nag-aalis ng lahat — lahat ng pagkauhaw, at nagbibigay sa iyo ng isang bagay na — na tila baga walang anoman na maaaring pumalit sa Kaniya...

45 At ngayon sinisikap ilihis ni Satanas ang kaluluwa sa kasiyahang ito, sa pagkauhaw ng kaluluwa. Sinisikap niyang ibigay ang lahat sa iyo upang mabigyan ito ng kasiyahan. At lubhang napakadaya niya sa mga araw na ito ng kalikuan. Ito ay likong sanlibutan. Ito'y likong lahi. Ito'y likong bayan. Ang lahat ng bagay ay liko na, unti-unti itong nail iko hanggang sa ito na ang pinakamapandayang kapanahunang ating — sa kasaysayan ng tao. Ito na ang pinakamadaya sa lahat.

Ngayon, sad — sadyang hindi mo lubos na maisip kung gaano na kadaya ang bansang ito, kahit nga ang mga kapatiran, para na silang mga Amerikano.

46 Nangusap ako kamakailan lamang. Nung naroon ako sa kagubatan ilang linggo pa lang ang nakalipas at may natagpuan akong isang — isang kaha ng sigarilyo. At may nakasulat doon, "Ang Panala ng Isang Taong Nag-iisip." At nagpatuloy pa ko sa kagubatan ng bahagya, at bumalik ako; nasa isip ko pa rin ang bagay na iyon, "Ang panala ng isang taong nag-iisip, at ang panlasa ng isang taong naninigarilyo."

Buweno, naroon ako sa isang World Fair ilang taon na ang nakalipas, naaalala ko naroon si Yul Brynner sampu ng lahat ng mga kasamahan niya, nung nagpapatalastas sila tungkol sa sigarilyo. Kung paanong ibinubuga nila ang usok sa isang piraso ng marmol at kukuha sila ng maliit na brotsa at kakayurin nila ang nikotinang naipon doon at saka ipapahid sa likod ng isang daga. Sa boob ng pitong araw hindi na ito makatayo sa dami ng cancer (Kita n'yo?) na galing sa sigarilyo. At pagkatapos ay ipapakita nila kung paanong kapag kumapit ito sa baga ng tao...Sinasabi ng ilan sa kanila, "Hindi ko naman ito nilulunok. Binababad ko lang ito sa aking bibig." Humahalo ito sa laway at kasama itong bumababa sa lalamunan. Kita n'yo?

105At ang sabi ng lalaking ito, "Napakaraming usapin na makikita mo tungkol sa isang filter." Ang sabi niya, "Ngayon, kapag mayroon kang pagnanasa (May kauhawan ka. Kita mo na?), isang pagnanasang manigarilyo, maaaring maibsan panandali ang iyong pagnanasa sa pamamagitan ng isang sigarilyo. Ngun it kung mayroong filter, kakailanganin mo ng apat na sigarilyo upang masiyahan ka," ang sabi niya, "dahil ikaapat na bahagi lamang ng usok ang nahihitit mo."

47 At ang sabi, "Ang panlasa ng isang taong naninigarilyo"? Kita n'yo, hindi ka makakukuha ng usok nang walang tar. At kung mayroong tar, mayroon ding cancer. Kaya hayan ka na (Kita n'yo?); i — isa lamang iyang pakulo. At pinag-iisipan ko ang isang kumpanya ng tabako sa bansang ito, at — at nabubuhay ito dahil sa bansang ito, dahil sa mga ganiyang uri ng pakulo na walang pasubaling dumadaya sa mga mamamayang Amerikano, nadadaya sila. Panala ng isang taong nag-iisip? Isa lang iyang pakulo para makabenta sila ng mas maraming sigarilyo.

Pagkatapos ay pinag-isipan ko ang bagay na iyon, "Ang panala ng isang taong nag-iisip," Naisip ko, "magandang ideya ang bagay na ito." Kaya hayan ang panala ng isang taong nag-iisip; iyon ay ang Biblia. Ang - ang panala ng taong nag-iisip ay gagamit ng Panalang ito, lilikha ito ng panlasa ng isang taong matuwid. Kita n'yo?

Ngayon, hindi mo mapadaraan ang kasalanan sa mga pahina ng Bibliang ito. Hindi, haharangan Nito ito. Sasalain Nito ang bagay na ito. Ngayon, maaari kang magsimba, at maaari mo pa ring gawin ang lahat, ngunit hindi ka maaaring dumaan sa Bibliang ito nang may kasalanan. Hindi ito makalulusot. Sasalain Nito ang lahat ng kasalanan, at magbibigay Ito ng pan lasa ng isang taong banal. Sapagkat kung iniisip ng isang tao na gusto niyang maging banal, at maging katulad ng Diyos, at maging isang anak na lalaki o babae ng Diyos, hahangarin niya ang tamang uri ng Panala. Kaya pipigilan Niya ang lahat ng kasalanan sa bahaging ito ng Biblia, at ang tanging maihahatid Niya ay ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng Biblia, na Siyang sumulat ng Biblia. Ito'y panlasa ng isang taong banal na magtaglay ng Panala ng isang taong nag-iisip.

48 Ngayon, nalaman natin kung gaano kadaya ang araw na ito. Sa Mateo 24:24, sinabi ni Jesus na sa huling mga araw ang dalawang espiritu ay magiging magkahawig upang dayain ang pinakahirang kung maaari. Hawig na hawig ito, gaano - gaano kahusay na pandaraya ito ng - tama at mali na nasa atin ngayon.

Maging sa ating — sa ating pamahalaan, sa pulitika, wa - wala na tayong maaasahang pulitiko na kayang manindigan sa bagay na iniisip niyang tama. Nasaan na ang ating mga Patrick Henry at mga George Washington at mga Abraham Lincoln sa araw na ito? Tulad na lang sinabi ng ating Pangulo, "Kung gusto nila ng komunismo, maaari silang magkaroon nito, ano man ang gustuhin ng mga tao." Kung hindi ba naman larawan iyan ng i - isang tao na hindi maipangusap kung ano ang kaniyang konbiksyon. Ang isang tunay na lalaki ay may paninindigan sa isang prinsipyo, magagawa niyang manindigan sa prinsipyo . . . Ang gusto lang niyang tahakin ay angang - ang landas na pinakakaunti ang balakid.

At 'yan ang paraang gusto ng mga tao sa loob ng iglesia. Umaanib sila sa iglesia, at sinasabi nila, "Oh, buweno, ito na 'yon; kaanib na ako sa iglesia ngayon." Sinisikap mong maibsan ang daki la't banal na kauhawang iyan na inilagay ng Diyos sa iyo, sinisikap ng control Tower na iyan na ituon ka sa tama, at sinisikap mo naming maibsan ito sa pamamagitan ng pag-anib sa isang iglesia, sa pagsipi ng kredo, o ng isang bagay na tulad nito. Samantalang tanging ang Presensiya lamang at kapuspusan ng Diyos Mismo sa iyong buhay ang siyang makatutugon sa bagay na iyan.

49 Hindi Siya masisiyahan sa isang kredo. Hindi mo mapalulusot ang kredo sa Biblia. Hindi. Kahit nga ang Apostle's Creed, ay hindi kailan man makalulusot Diyan. Ipakita mo sa akin sa Biblia kung saan sinabi ng Apostle s Creed, "Nananampalataya ako sa Banal na Iglesiang Romano Catolico; nananampalataya ako sa komunyon ng mga banal"; samantalang ang sabi ng Biblia, "May isang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, at iyon ay ang Taong si Cristo Jesus." Hindi mo iyan kailan man maaaring palusutin sa Biblia.

50 Hindi mo kailan man maaaring palusutin ang mga sayawan at mga syorts at ang mga bagay-bagay na ginagawa ng mga tao ngayon, itong mga twist at watusi, at kung anu-ano pa, sa Salita ng Diyos. Hindi mo kailan man maaaring palusutin sa Biblia ang mga makabagong takbo ng sibilisasyon. Laban Ito rito. Kita n'yo? Tapos ay susubukan mong ibsan ang kauhawang ito, ngunit (Kita n'yo?), ito'y . . . Tanging ang Bibliang ito lamang ang makatutugon sa panlasa ng isang matuwid na lalaki at babae. Ang Espiritu Santo na pinagtatawanan nila, at sinasabing, "Wala ka na sa sarili mong pag-iisip." . . . Ngunit nabibigyang kasiyahan Nito ang pagnanasang iyan, ang bagay na iyan na hindi nalalaman ng sanlibutan. Nailihis na nila ang kanilang mga sarili mula sa bautismo ng Espiritu Santo at sa Salita ng Diyos patungo sa ano? Patungo sa mga maruruming tibag, ang maruruming tibag ng iglesia, mga dogma, at mga kredo, at — at mga makadenominasyong pagkakaiba-iba, at lahat ng iba pa. Sabihin mo, "Cristiano ka ba?"

"Metodista ako. Baptist ako. Presbyterian ako." Walang anumang kabuluhan iyan sa Diyos, wala kahit na ano. Hindi mo mapalulusot ang mga bagay

na iyan dito sa Biblia ng Diyos. At sinisikap mong bigyang kasiyahan ang banal na pagkauhaw na ibinigay ng Diyos sa iyo upang kauhawan mo Siya. Tama ba?

51 Ngayon, alam n'yo na sinabi dito ni David, " . . . sa buhay na Diyos." Ngayon, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang tao ang Salita at tumahan sa gitna natin." At hindi ka magkakaroon ng kasiyahan hanggang sa ang Salitang ito, na Siyang Diyos, ay mabuhay sa pamamagitan mo, kung gayon ay makikita mo na tinutupad ng Diyos Mismo ang mga ipinangako Niya sa Biblia.

52 Ngayon, marami tayong iba't-ibang tagapagpaliwanag ng Biblia. Ganito ang paliwanag Dito ng isang iglesia; ang isa naman ay ganoon. Yung iba naman ay kaunti lang Nito ang kinukuha; yung iba naman ay kumukuha ng kaunti dito at doon, bahagi lang Nito ang kinukuha nila. Subalit ang Diyos ang Tagapagpaliwanag sa Kaniyang Sari li. Kapag nangako Siya at tinupad Niya ito, iyon na ang paliwanag.

Kung nangako ako sa iyo na paririto ako sa gabing ito, at heto nga ako, ito na ang katuparan ng aking pangako sa iyo. Kung sinabi ko na magkikita tayo sa umaga, at heto na nga ako, iyan kasi ang pangako ko. Hindi na kailangan pa ng kung anong dahilan, kailangan kong sumipot.

At kapag nangako ang Diyos, pagkatapos ay tinupad Niya ang pangakong iyon, iyon na ang paliwanag ng pangako. At hinahamon ko ang sinuman na tanggapin n'yo ang Diyos sa Kaniyang Salita, at tingnan n'yo kung hindi Katotohanan ang bawat Salitang nakapaloob sa Biblia. Tama. Iyan nga ang kauhawan na nakapaloob diyan.

Maaaring sabihin mo, "Kung nabuhay lang sana ako nung mga kaarawan ni Jesus, ganito't gano'n sana ang ginawa ko." 120 Aba, nabubuhay ka na nga sa Kaniyang panahon. Ano ang ginagawa natin sa bagay na ito? Ano nga ba ang ginagawa natin? Maaaring sabihin mo, "Buweno?" Ang ginawa mo, marahil ay gaya rin ng ginawa ng mga Fariseo. Kaanib sila ng iglesia tapos ay tinatatwa naman nila si Jesus Cristo.

53 Lagi nating sinasabi sa araw na ito, ang sinasabi ng mga tao, “Pinaghahambing natin ito. Kailangan nating paghambingin ang bawat pahina ng Biblia, ang Kasulatan sa kapwa Kasulatan.” Hindi iyan ang Katotohanan. Hindi, hindi iyan ang Katotohanan. “Ito ang kahulugan ng salitang Griegong ito, at ito naman ang kahulugan nito.” Maging ang mga Griego at ang mga manunulat noon, doon sa Konseho ng Nicea ay magkakaiba ang unawa. Ang pakahulugan ng isang Greek scholar ay ganito at yung isa naman ay ganito ang pakahulugan. At nagtatalo sila tungkol sa bagay na ito. Hindi natin kailangan ng paliwanag ng kung sinong Greek scholar o ng kung anong salitang Griego.

Ang makilala Siya ay buhay, ang Persona, si Cristo Mismo, hindi ang paghahambing. Ito'y kapahayagan kung saan itinatag ng Diyos ang Kaniyang iglesia. At kung hindi natin doon itatatag ang ating iglesia . . . ang sabi ng Biblia, “Si Abel sa pamamagitan ng pananampalataya . . .” At ang pananampalataya ay isang Makalangit na kapahayagan. Kita n'yo? Ang pananampalataya ay isang Makalangit na kapahayagan. Tama. Ang kabuuan ng bagay na ito ay naitatag sa ibabaw ng kapahayagan, at malibang mahayag ito sa iyo . ang sabi ni Jesus, “Pinasasalamatan Kita, Ama, na inilihim Mo ang mga bagay na ito sa mga pantas sa sanlibutang ito, at ipinahayag Mo sa mga sanggol na nais matuto.” Kita n'yo? Ngayon, ang kabuuan nito ay naitatag dito; kinakailangan mong makilala ang Persona.

54 123At hindi mo iyan mabibigyang kasiyahan sa pamamagitan ng pagsapi sa iglesia. Kinakailangan mong masumpungan ang Persona, ang Diyos Mismo, na Siyang Salita at — at kapaliwanagan ng Kaniyang Sarili sa araw na ito, ng mga ipinangako Niya sa araw na ito. Ang bayang tataglayin Niya sa araw na ito, “ang iglesiang walang dungis o kulubot man,” hindi denominasyon ang tinutukoy dito; kundi ang mga tao, ang bawat indibiduwal na walang dungis o kulubot man. “Sa dalawang nasa higaan, kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa; sa dalawang nasa bukid, kukunin Ko ang isa at iiwan ang isa.” Ngunit ang Diyos, ang pagkauhaw na iyon na maging tulad Niya, at nakita mo na ang Salita Niya ay nasa iyo at pinatutunayan ang Sari li Nito, na isa kang lingkod ng Diyos . . . Na anumang sabihin ng Diyos ay ihahanay mo ang sarili mo rito, kung gayon ay dumadaan ka na sa tamang proseso upang maibsan ang banal na kauhawang nasa iyo.

55 Oo, pagtatawanan ka ng mga tao at sasabihin nila, “Wala ka na sa katinuan. Nababaliw ka na.” Ngunit alalahanin mo kung saan nagmumu la ang iniinom nila. Kita n'yo? Masdan ninyo kung nasaan na sila. Isipin na lang ninyo na may isang poso na nagpupuslit ng malinis na tubig at pagkatapos ay may taong umiinom sa isa sa mga tibag na iyon kung saan naroon ang mga patay na butete, at mga kredo at lahat na, titingala siya sa iyo at pagtatawanan ka? Naku, hindi niya nalalaman; hindi niya nalalaman kung ano ang - ang nakapapatid ng uhaw na bukal na siya mong ikinabubuhay. Tama nga.

Mayroon tayong isang Diyos na buhay, hindi yung namatay labingsiyam na raang taon na ang nakalipas at nanatili doon sa hukay, kundi yaong Isa na muling nabuhay. Ang sabi sa Hebreo 13:8, Siya rin kahapon, ngayon at magpakai Ian man. Ang Espiritu Santong bumuhos noon sa araw ng Pentecostes ay Siya ring Espiritu Santo na naririto ngayon. Siya ang Bahaging nagbigigay kasiyahan. Tama. Ang Espiritu Santo ang sumulat sa Salita; Siya ang nagpapaliwang sa Salita. Sinabi ng Biblia sa II Pedro, na ang Espiritu Santo ang sumulat ng Biblia, “Ang mga mao noong unang panahon, ikinilos ng Espiritu Santo, sila ang nagsulat ng Biblia.”

Ngayon, hindi mo iyan magagawa; hindi mo maiibsan ang banal na kauhawang iyan malibang ang Diyos Mismo ay tumahan sa iyo sa Persona ng Espiritu Santo. Ang edukasyon, kultura, pagsapi sa iglesia, pag-usal ng mga kredo, ang pagiging kabahagi ng isang samahan; ang lahat ng mga ito ay napakabuti, ngunit hindi mapapatid ng mga ito ang banal na katahimikan — ang - ang banal na kauhawang iyan pala, hindi mapipigil ng mga ito ang banal na kauhawang iyan.

56 Nakikinig ako kay Billy Graham, ang dakilang ebanghelista, nung isang gabi. Sinasabi ko sa inyo, higit akong nananalangin sa kaniya ngayon kaysa dati, nung makita ko siya na totoong pinagsasabihan sila. Ang sabi niya, “Ang isang lipon ng mga mangangaral na iyon na nagtutungo sa mga daanan na nakabaligtad ang mga kuwelyo . . .” Nagtutungo sila sa lugar na iyon kung saan hindi si la dapat nagpupunta, gumugugol sila ng panahon sa isang bagay na wala silang kinalaman. Subalit naglalakad sila sa daan [Pumalakpak si Brother Branham -Ed.] nagpapalakpakan at nagpapadyakan. Buweno, mukha silang mga unholy-roller. Ngayon, kita n'yo, ngunit may - mayroon silang bagay na pinaniniwalaan. May kung ano silang nakuha; isang bagay na nakapagpapasaya sa kanilang kaluluwa. May isang bagay na nagbibigay sa kanila ng kagalakan. May isang babae na nagtungo roon at isinuot niya ang ulo niya sa isang bagay doon, at ang akala nila ay isa siyang martir, at ni hindi nga siya dapat naroon. Ngayon, nakita natin na may isang bagay na pinapalakpakan ang mga lalaking ito [Pumalakpak si Brother Branham]. Masaya sila. Mayroon silang ginagawa. 128 Buweno, kung magagawa n'yo iyan dahil sa isang - isang prinsipyo na inaakala ninyong naririto; at pagkatapos ay tatayo ka sa isang simbahan at kung may mga taong papalakpak o papadyak, palalabasin sila ng diakuno . Kita n'yo, pinalusong na nila ang kanilang mga tao sa isang maruming tibag ng kredo at denominasyon, sa halip na pakainin sila ng pinagpala't banal na Salita ng Diyos na naipahayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na maguli ni Jesus Cristo.

57 Kita n'yo, sinusubukan nilang.. Iniibsan nila ang kanilang kauhawan, "Ako'y si Doctor ganito at ganoon," tapos ako sa ganitong seminaryo o paaralan. Ngunit walang anumang kabuluhan ang bagay na iyan, walang wala. Ngunit makikita mo, pi — pinipilit nilang bigyan ng kasiyahan ang kanilang mga sarili, sasabihin nila, "Ngayon, kikilalanin ako ng Diyos sapagkat ako ay Kaniyang pastor. Kikilalanin ako ng Diyos dahil ako ay si Father ganito at ganoon, o si Obispo ganito at ganoon," o - o isang bagay na tu lad nito. Sinisikap nilang ibsan ang kanilang pagkauhaw sa pamamagitan nito, samantalang hindi mo ito magagawa. "Mayroon akong Ph.D., LL.D. Mayroon akong Bachelor of Art. Taglay ko ito." Walang masama riyan. Ngunit para sa akin, ang ibig sabihin lang niyan ay lalo ka lang napalayo sa Diyos (Tama.), lalo lang kayong nalalayo sa Diyos sa tuwing gagawin ninyo iyan.

Makikilala mo lamang ang Diyos sa pamamagitan ng karanasan. Isang bagay Ito na hindi mo maaaring pag-aralan upang mapasaiyo. Ito'y sumisilang sa iyo. Isang bagay ito na bigay sa iyo ng Diyos. Walang kinalaman ang edukasyon sa bagay na ito. Isa sa pinakadakilang tao sa Biblia ay ni hindi marunong pumirma, si San Pedro. Tama nga, siya at si Juan, ang sabi ng Biblia kapuwa sila mangmang at walang aral. Ngunit malugod na ibinigay ni Jesus sa kaniya ang mga susi ng Kaharian, sapagkat nauuhaw siya sa Diyos (Amen.), nauuhaw siya sa Diyos, sa pakikisama. Opo, ay naku.

58 Iniisip ko si Isaias, ang binatilyong iyon, naku, isa siyang mabait na bata; isang araw ay naroon siya sa templo. Pinagkatiwalaan siya ng dakilang hari dahil iniisip nito na isa siyang dakilang tao, at totoo ngang dakilang tao siya. lumaki siya sa piling ng butihing mga magulang, mabait ang kaniyang ama't ina. Nung siya ay lumabas, malinis ang kaniyang pakikitungo sa tao, at itinuwid niya ang lahat ng bagay sa Diyos. At pinagmamasdan siya ni Isaias at iniisip niya na isa siyang dakilang tao, ginawa niya siyang hal imbawa.

Ngunit hindi dapat gawing halimbawa ang sinomang tao, liban na lamang sa Taong si Jesus Cristo. Ang lahat ng tao ay mabibigo. Di kalaunan, humantong siya sa isang dako; i — isa siyang hari, ngunit sinubukan niyang gampanan ang gawain ng isang saserdote at nagtungo siya sa templo, at nagkaroon siya ng ketong. At labis na nag-alala si Isaias, kaya nagtungo siya sa templo at siya ay nanalangin; inisip niya na kailangan niyang magtungo roon at manalangin sandali.

At ngayon, masdan n'yo, ang lalaking iyon ay isang propeta; ngunit nung naroon siya sa loob ng templo bilang isang binatilyo, umiiyak siya sa Diyos isang araw, at isang pangitain ang lumantad sa kaniyang harapan. At nung mangyari ito, nakakita siya ng mga Anghel, mga Kerubin, na ang Kanilang mga mukha ay natatakpan ng Kanilang mga — mga pakpak, at ang Kanilang mga paa ay natatakpan din, at sila'y lumilipad sa gamit ang mga pakpak na ito. At sila'y nagpapababalik-balik, pataas at pababa doon sa templo, na sumisigaw, "Banal, banal, banal ang Panginoong Diyos na makapangyarihan sa lahat."

59 At si Isaias, ang dakilang kauhawang iyon na taglay niya, ma — marahil ay nag-aral siya noon. Ma — marahil ay mayroon siyang magandang edukasyon. May — mayroon marahil siyang mahusay na unawa tungkol sa kung

ano ang Diyos. Na — naririnig niya ang mga saserdote. Palagi siyang naroroon sa loob ng templo. Lumaki siya na i — isang mananampalataya, ngunit (Kita n'yo na?) hindi pa niya Ito nakaharap ng mukhaan kailanman. Kita n'yo? May — mayroon siyang pagnanasa na gumawa ng tama. Nais niyang maginglama, ngunit ang nasa kaniya ay ang bahaging edukasyon lamang. Ang taglay niya ay ang teolohikal na bahagi lamang Nito.

Subalit nang pumasok siya sa loob ng templo nung araw na iyon, at nang makita niya ang mga Kerubin na ipinapagaspas ang mga bagwis na ito at nagpapabalik-balik, napagtanto niya na ang mga Anghel na ito ay nagsisipaglingkod sa harapan ng Diyos, at ang mga Anghel na ito ay walang muwang sa kasalanan, at sa pagtayo ni la sa Presensiya ng Diyos kinakailangan niyang takpan ang Kanilang banal na mga mukha upang makatayo sila sa Presensiya ng Diyos, kaya sumigaw ang propetang iyon, "Sa aba ko, sapagkat ako'y taong marurumi ang mga bibig. Ang lahat ng aking mga teolohiya — teolohiya at mga bagay na natutunan ko, ang lahat ng kahanga-hangang kaunawaan ko tungkol sa Diyos, ngayon ay kaharap ko na Ito nang mukhaan." Ang sabi niya, "Ako'y taong marumi ang mga bibig." Ang lahat ng kanilang mga katuruan tungkol sa kautusan, at mga bagay-bagay na kanilang ginawa, ay hindi pa umabot sa dakong iyon na kung saan naparoon siya sa Presensiya ng Diyos, at nakita niya ang Diyos sa pamamagitan ng sarili niyang mga mats, pati na ang Kaniyang mga balms samantalang nakaluklok Siya doon sa Kataas-taasan ng sangkalangitan. At naroroon siya kaharap niya nang mukhaan ang isang realidad. At sumigaw siya, "Ako'y taong marumi ang mga bibig, at nakikipamuhay ako sa piling ng mga taong marurumi."

60 At kinuha ng mga Kerubing iyon ang mga pang-ipit, at ang uling na nagbabaga mula sa altar, at idinaiti iyon sa kaniyang maruruming labi, at binago siya nito mula sa isang duwag, isang lalaking edukado, isang guro, tungo sa pagiging isang propeta upang ipangusap mula dito ang Salita ng Diyos, naiba na ang bagay na Ito. Ang pagkauhaw na iyon na dati niyang taglay, ay humantong na sa dakong iyon, hanggang sa siya ay mapuspos ng bagay na ito.

At hayaan mong sabihin ko ito sa iyo, kaibigan, walang halaga sa akin kung ilang iglesia na ang sapian mo, kung ilang pangalan na ang taglay mo, o saan mo man nail magtungo, at kung ikaw man ay nawisikan, nabautismuhan, o maging anoman ka man; malibang makatagpo mo ang Personang iyan, si Jesus Cristo, iyan - iyan lamang ang tanging bagay na totoong makatutugon.

Hindi iyan magagawa ng emosyon; magagawa mong maglulundag at magsisigaw hangga't gusto mo, o magagawa mong magtatakbo sa sahig, at marahil ay magsalita ka ng mga wika hangga't gusto mo. At ang mga bagay na iyan ay banal at mabuti. Wala akong masasabing anumang laban sa bagay na iyan. Ngunit malibang makatagpo mo ang Personang iyan, ang Bahaging nagbibigay kasiyahan, ang Isang bagay na iyan na nanunuot sa bawat himaymay ng iyong katawan, hindi sa pamamagitan ng emosyon, kundi sa pamamagitan ng kasiyahan...

61 Datirati may nababasa akong karatula na nagsasabi, "Kung nauuhaw ka, sabihin mo, Parfay." Nung bata pa ako mayroong inumin noon na ang tawag ay Parfay. Naaalala ko kapag nasa karsada ako, mula sa isang pangingisda, may nadadaanan akong lubluban, hindi umaagos ang tubig nito. At halos mamatay na ako sa uhaw, at nakita ko ang isang karatula na nagsasabi, "Kung nauuhaw ka, sabihin mo lang, Parfay." At nagsimula kong sabihin, "Parfay, Parfay." Lalo tang akong nauhaw. At ako - ako . . . Kita n'yo, sa - sa - sa sobrang uhaw ay ni hindi na ako makadura, katagalan, so — sobra na ang uhaw ko.

Buweno, kita n'yo na, hindi ito uubra. Walang ano mang makapagbibigay kasiyahan dito. Hindi mahalaga sa akin; magagawa mong uminom ng coke; magagawa mong uminom ng kahit anong gusto mo, ang mga pinatamis na tubig na may carbon, at lahat ng iba pa, walang ibang makatutugon sa iyong pagkauhaw maliban sa malamig, malamig na batis ng tubig. Diyan lang maiibsan ang pagkauhaw na iyan. Ang lahat ng mga ito ay pawang mga panghalili lamang.

62 At bakit natin gugustuhin ang isang panghalili samantalang mayroon namang tunay na Bautismo ng Espiritu Santo na pumupuspos sa bawat himaymay at pananabik ng kaluluwa ng tao, magagawa nitong harapin ang kamatayan, tulad ng sinabi ni Apostol Pablo, "0 kamatayan, nasaan ang iyong tibo? At libingan, nasaan ang iyong tagumpay? Ngunit salamat sa Diyos na Siyang nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo." Iyan ang karanasan, kapatid; iyan ang tumutugon sa banal na pangangailangan - o sa banal na pagkauhaw na taglay mo. Iniibsan Nito ito.

Wala kang kai - kailangang gawin tungkol sa bagay na ito. Siyanga, nililinis Nito ang mga labi. At ang mga tao na nabubuhay lamang sa emosyon, tungkol sa . . . Sinasabi ng ibang tao, "Buweno marami kaming ganiyan sa kilusang Pentecostal." At papasok sila, mabuti naman 'yon, ipapalakpak nila ang kanilang mga kamay [Pumalakpak si Brother Branham —Ed.] at tutugtog sila ng musika. Hihinto ang tugtugan, "shh, whew," tila nabuhusan ng isang timbang tubig ang lahat. Kita n'yo? Ngayon, na - nakasanayan na nating gawin ang bagay na iyan. Mayroon tayong ganiyang ugali ... Naging bahagi na ito ng ating mga kaugalian.

63 Mayroon akong sasabihin sa inyo. Kapag sinasamba ninyo ang Diyos sa Espiritu at katotohanan, kapag naging isa na itong kaugalian, sapagkat iniisip n'yo na kailangan ninyong gawin ito, dahil iniisip ninyo na kapag hindi kayo sumigaw, o nagtatalon, o sumayaw sa saliw ng musika ay baka isipin ng mga kapitbahay ninyo na nag-backslide na kayo; umiinom kayo sa isang tubig na hindi umaagos. Tama.

Malibang Ito ay pumuspos sa bawat himaymay, hanggang sa ang Espiritu Santo Mismo ay mag-umapaw sa kalooban ninyo; hindi mahalaga sa akin kung mayroon mang tugtog, kung pinatutugtog man nila ang "Nearer, My God, To Thee," at ano man ang tugtugin nila, pinakakalansing ng Espiritu Santo ang maluwalhating kampana na nasa inyong puso. Iyan ang nagbibigay ng kasiyahan. Iyan ang Bahagi ng Diyos na nagbibigay kasiyahan. Anumang bagay na hindi papantay sa bagay na Iyan, tapos ka na.

Magagawa mong magsalita ng mga wika tulad ng mga Anghel; magagawa mong ibigay ang lahat ng iyong tinataglay upang pakainin ang mga dukha; magagawa mong manghula, at magkaroon ng karunungan, maaaring maunawaan mo ang lahat ng mga hiwaga at lahat ng mga bagay na ito, gayon man ay wala ka pa ring kabuluhan (I Corinto 13) malibang mapasaiyo ang Isang bagay na iyon na makatitighaw sa iyong Pagkauhaw...

"Kinauuhawan ng aking kaluluwa ang buhay na Diyos, tulad ng isang usa na nauuhaw sa mga tubig ng batis. Malibang masumpungan ko ang bagay na Ito, ako'y mapapahamak." Kapag inabot ninyo ang ganiyang uri ng pagkauhaw sa Diyos, mayroong mangyayari. Aakayin ka ng Espiritu Santo patungo sa dakilang bukal ng Diyos. Opo.

64 Ngayon, may isang bagay na maganda: ang sumamba sa Espiritu. Totoo 'yan. Ngunit magkaminsan taglay mo ang Espiritu ngunit hindi ang Katotohanan. San Juan 4, ang sabi, "Sinasamba namin ang Diyos, sa Esiritu at Katotohanan." At si Jesus ang Katotohanan. Tama nga. At Siya ang Salita.

Ang ilog na ipinadala ng Diyos upang tumugon sa iyong pangangailangan sa natural ay dinumihang lahat ni Satanas. Sinasangkapan niya ng lason ang balang madaanan niya. Tama. Kinuha niya ang

pinaka-ilog ng iglesia.

Iyan, iyan ang paraan ng Diyos. Ang sabi ni Jesus, "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban Dito."

Ngayon, may iba't ibang argumento tungkol sa bagay na iyan. Ang sabi ng mga Romano Catolico, itinatag Niya Ito kay Pedro. Kita n'yo, at kung iyan ang nangyari, aba'y nag-backslide si Pedro dahil sa hiya. Kaya hindi ganoon Iyon. Tiyak ngang hindi Ito itinatag kay Pedro, ang Petra ay maliit na bato. Tapos ang sabi naman ng mga Protestante, itinatag Niya ito sa Kaniyang Sarili, kay Jesus Cristo. Hindi sa gusto kong maiba, ngunit iba ako sa kanila. Hindi Niya Ito

itinatag sa alin man sa dalawang iyon. Itinatag Niya Ito sa kapahayagan kung sino Siya. Ang sabi Niya, "Mapalad ka Simon na anak ni Jonas, hindi laman at dugo ang nagpahayag sa iyo ng bagay na ito."

Hindi sa karunungan, hindi mo ito natutunan sa pamamagitan ng mga aklat. Hindi mo ito natutunan sa pamamagitan ng pagsapi sa iglesia. Hindi mo ito natutunan sa mga talyer. Hindi. Ang Espiritu Santo Mismo ang nagdala sa iyo ng Persona ni Jesus Cristo, "Sa ibabaw ng Batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban Dito." Ang banal na kauhawang ito ay naibsan sa pamamagitan ng Persona ni Jesus Cristo. Hayan ka na. Iyan ang bagay na hinahanap natin, ibsan mo ang pagkauhaw na ito sa pamamagitan ng bagay na Iyan. Tama, nalaman natin na kinakilangan natin ng...

65 Karunungan? Ay naku. Ang karunungan ay daki la. Marami tayo nito, at sa ngayon punung-puno tayo ng bagay na ito. Ngunit kita n'yo, ang karunungan . . . Tulad ng sinasabi ko nung isang araw, nung nangungusap ako sa paksang ito tungkol sa karunungan, may isang lalaking nakatayo roon sa labas, kausap niya ang kaibigan ko habang nakatayo sila roon, ang sabi, "Kung hindi naniniwala ang lalaking iyon sa edukasyon, bakit siya nagbabasa ng Biblia?" Sila . . .

Naisip ko, "Buweno, kung hindi nila naku ha ang sinabi ng Panginoong Jesus, paano nila matatanggap ang isang pipitsuging katulad ko, ang sinasabi ko?" Hindi nga nila Siya maunawaan samantalang napakasimple Niya noon.

Ang sabi Niya noon, "Malibang kanin ninyo ang katawan, ang Dugo, inumin ninyo ang Dugo at kanin ninyo ang katawan ng — ng Anak ng Tao, walang Buhay sa inyong kalooban." Hindi Niya Ito ipinaliwanag. Lumakad Siyang palayo. Tama. Kita n'yo?

"Aba," ang sabi nila, "Kanibal ang Taong ito. Gusto namin Siyang... Kainin daw ang katawan Niya, inumin ang Dugo Niya . . . Isa pala Siyang bampira. Kita n'yo, gusto Niyang maging bampira tayo." Nakita n'yo ba ang mga intelektuwal na ito? Ngunit ang sabi Niya, "Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking Tinig." Kita n'yo?

Darating ito sa mga Hinirang, ang Diyos ay humirang sa pamamagitan ng paunang kaalaman. "At ang lahat ng itinalaga ng Ama... Walang makalalapit sa Akin malibang palapitin siya ng Ama. At ang lahat ng ipinagkaloob sa Akin ng Ama, sila'y magsisilapit; mauunawaan nila ito."

Hindi iyon maunawaan ng mga alagad, subalit sinampalatayanan nila." Kita n'yo? Tama. Kung sasasampalatayanan mo ito . . . Maraming bagay ang hindi ko maunawaan. Gayon man ay sinasampalatayanan ko ito (Kita n'yo?), sapagkat sinabi ng Panginoon.

66 Ang kaalaman, alam n'yo, ang ebanghelyo ni Satanas ay kaalaman. Alam ba ninyo iyan? Ipinangaral niya ito noon kay Eva sa hardin ng Eden, at nadaya siya sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kaalaman. At dinungisan na n'ya ang buong sangkatauhan sa pamamagitan nito. Tama nga. Kumuha sila ng mga programang maka-edukasyon at siya nilang inilagay sa boob ng iglesia. Ayos lang iyon sa kanila roon sa labas, ngunit hindi sa Salita ng Diyos. Hindi po. Hindi mo makikilala ang Diyos sa pamamagitan ng edukasyon. Hindi mo makikilala ang Diyos sa pamamagitan ng— ng— ng pagkaalam kung paano, sa pag-aaral ng matematika at pagbigkas ng mga salita. 159. Si Pablo, isa siyang mahusay na tao. Subalit ng dumulog siya kay Cristo at tanggapin niya ang Espiritu Santo, nagtungo siya sa mga taga-Corinto, ang sabi niya, "Hindi ako napariyan sa inyo dala ang mga salitang mapanghikayat at karunungan ng tao," bagama't kaya niyang gawin iyon. Ang sabi niya, "Dumating ako sa inyo sa kapangyarihan at manipestasyon ng Espiritu Santo, upang masalig ang inyong pananampalataya sa Diyos at hindi sa tao." 160 Ngayon, kung minsan gumagawa tayo ng mga palatuntunan sa iglesia. Tinatawagan din nila ang ka — kanilang pastor. Hinahalal ng iglesia ang kanilang pastor; sinasabi nila, "Buweno, ang pastor na ito ngayon, mayroon siyang dalawang kurso sa kolehiyo. Nag-aral siya ng apat na taon sa psychology. Kumuha siya ng ganito, ng ganoon at ng iba pa." At hinahalal nila ang gayong uri ng tao (bakit?) sa halip na isang pastor na sumasampalataya sa kinasihang Salita ng Diyos at ipangangaral ang Salita anuman ang maging pakiramdam ng mga tao tungkol dito.

67 Sinabi ng Diyos kay Ezekiel, alam mo, ang sabi Niya, "Ipangaral mo iyan maniwala man sila o hindi. Ipangaral mo pa rin ang bagay na ito." Kita n'yo? Tama. Tanggapin man nila ito o hindi, at hindi nga nila

ito tinanggap. Hindi nila tinanggap si Jesus. Nagpatuloy pa rin siya sa pangangaral Nito. Kita n'yo?

Sa halip na isang tunay na pastor na totoong nangangaral ng Salita at nananampalataya sa Diyos, si - si — sinisikap nilang dalhin ang — ang intelektuwal, kung sino'ng may pinakamagandang edukasyon, isang tao na tatayo ng labinlimang minuto sa pulpito upang makauwi sila kaagad, at nang may magawa pa silang iba, at nang si Ricky ay makasakay na sa kaniyang kotseng pangarera at makapaggala, at nang makadalo sila sa kanilang mga twist party at lahat na. At ito'y, oh, ito'y - ito'y sadyang - ito'y isang - ito'y di li't iba kundi isang polusyong hybrid na edukasyon. Tama. Iyan nga 'yon. Tama. Ngunit ano nga ba ito? Tumutugon ito sa kanilang panlasa (Kita n'yo?); tinutugon nito ang panlasa ng isang makasanlibutang kasapi ng iglesia.

Ngunit hindi nito matutugunan ang panlasa ng banal. Sa tuwina ay kukunin niya ang Salita. Ngunit ang sinasabi nila, “0, aba'y, medyo nawawala na sa sarili ang mga taong iyon. Kita n'yo, hindi nila makuha. Sinisikap nilang mabuhay sa nakalipas na panahon.”

68 Hindi ba't kakatuwa na galing ako dito sa kanluran at natuklasan ko na silang lahat ay nagsusumikap na ipamuhay ang nakalipas na panahon. Ang gusto nila palagi ay ang sinaunang kapanahunan ng mga koboy. At doon sa Kentucky, ginagaya nila ang mga kilos ng sinaunang hillbilly, at may mga programa silang ganoon. Ngunit pagdating sa sinaunang relihiyon, wala silang gana. Sinaunang panahon? Dumating ako dito nung kapanahunan ng rodeo; nakita kong mayroon doong isang malaking babae, may kulay berdeng pinta sa ilalim ng kaniyang mata, at maikli ang buhok niya at may nakasubong sigarilyo sa bibig niya. Aba'y, kung nakita nila iyon nung araw, iisipin nilang nabubulok na ang kaniyang mukha. Ba - ba - baka ipinakulong siya. Ano kaya kung lumabas ang nanay ninyo, na suot ang damit sa isinusuot mo at ng iyong anak na babae ngayon, ano kaya ang mangyari? Ipakukulong nila siya sa kulungan ng mga baliw. Sigurado 'yon, dahil lumabas siyang walang suot na palda. Buweno, alalahanin n'yo, ganiyan din ang nangyayari sa araw na ito.

Ang mga kalalakihan, nabubulok na ang kanilang laman. Kapag umaabot na sila sa gitnang gulang sa pagitan ng dalawampu at dalawampu't lima, nabubulok na rin ang selyula ng kanilang mga utak. Wala na silang...

Ito na ang kinahantungan ng ng mga tao kaya't wala na silang sapat na kaunawaan. Hindi ni la alam kung ano ang kahulugan ng pagiging disente. Hindi nila nalalaman kung ano ang kaibahan ng tama at mali. At naku, sa kabila ng kanilang programang pang-edukasyon, sila'y...

69 Nalalaman ba ninyo na ang edukasyon (Kaya kong patunayan ito sa inyo,) ay sa diablo? Hindi ang pagbasa at pagsulat; ang ibig kong sabihin, ang paglalagay ng edukasyon sa boob ng inyong iglesia.

Ano ba ang kinasasaligan ng komunismo? Ang Agham, edukasyon; 'yan ang diyos nila. (Kita n'yo?) Iyan ang ipinakilala ni Satanas kay Eva. Iyan pa rin ang pinanghahawakan nila. Ngayon, nakapasok na iyan sa ating mga simbahan, nakapasok na sa Baptist, Methodist, at Presbyterian, Pentecostal at sa lahat na. Ang ilang intelektuwal na edukasyon, ang dakilang si ganito at ganoon at anumang bagay na tulad niyan, lalo lamang siyang nalalayo sa Diyos. Mali 'yan. Opo.

Ngayon, nalaman natin, na — na - nabibigyang kasiyahan nito ang kanilang pagnanasa. Kapag — kapag ganiyan ang hinalal ng isang iglesia, ipinapakita lang nito kung ano ang nasa isip ng iglesia, kung ano ang kanilang nasa, kung ano ang kanilang kinauuhawan. Gusto nilang sinasabi, “Malawak ang pagiisip ng aming pastor. Hindi niya kami pansin kahit sama-sama kaming naliligo, sumasama pa nga siya sa amin.”

70 May isang batang babae na kumausap sa anak kong si Sarah nung isang araw. Gal ing ang pastor niya sa Africa; at nung bumalik siya, hinubad niya ang kaniyang damit nung gabing iyon, nagsuot siya ng isang pitis na pantalon, at sinayawan niya siya ng watusi nung gabing iyon, upang siya'y libangin dahil nga galing siya ng Africa. Ang Watusi ay isang tribo roon, alam n'yo. Naku, subukan lang ng mga kabataang babae sa aking kongregasyon na sumasayaw ng ganiyan: ano'ng watusi?

Kita n'yo, ipinakikita lang nito . at uupo ang pastor at pagmamasdan ang isa sa kaniyang kongregasyon, isang labing anim na taong gulang o labing walong taong gulang na babaeng walang saplot na gaya no'n, at hayaan siyang ganoon, ipinakikita lang niyan na nagmula siya sa isang maruming tangke. Isa siyang tao ng Diyos at gagawa siya ng ganiyan?

Tiyak nga. Diretsahan 'yan kung pakikinggan, ngunit napagtatanto ko na ako'y nangangaral sa buong bansa. Ngunit nalalaman din ninyo ang bagay na ito, kapatid na lalaki at babae, hayaan ninyong sabihin ko sa inyo na iyan ang katotohanan.

71 Ang gusto ng isang buwitre ay mga bagay na patay. Tama. At patay nga iyan. Tama nga. Malinaw, malinaw na ipinakikita rito kung ano ang ulo nila at ang kanilang control tower, kung ano ang ibinibigay nito sa kanila (Kita n'yo?), kung ano ang nasa kaluluwa nila. Hinahanap ng kanilang kaluluwa ang mga bagay na tulad niyan.

Hinahanap ng kanilang kaluluwa ang isang mataas na iglesiang intelektuwal, kung saan maganda ang bihis ng mga kasama nila, at mangangaral ang pastor nila ng labinglima, o dalampung minuto. At kapag lumampas siya, isusumbong nila siya sa lupon ng mga diakuno. At wala siyang anumang sasabihin laban sa kasalanan. Wala siyang anumang sasabihin laban sa mga nagsusuot ng syorts, at walang anumang sasabihin tungkol sa mga taong gumagawa ng ganito at ganiyan. Hindi siya magbabanggit ng kahit ano laban sa lahat ng ito. Kapag gagawin niya 'yon, sisisantihin siya ng lupon. Nakita ba n'yo kung ano ito? Iyan ang kanilang panala ng taong nag-iisip.

Ang sabi ng Biblia sa I Juan 2:15, "Kung mahal ninyo ang sistema ng sanlibutang ito, o ang mga bagay ng sanlibutang ito, 'yan ay dahil ang pagibig ng Diyos ay wala sa inyo."

72 Ngayon, ano naman kaya itong kung anu-anong ginagawa nila sa ngalan ng simbahan: nageensayo ng sayaw sa boob ng simbahan, bunco, binggohan, rock and roll ng mga kabataan, ang mga twist sampu ng lahat ng iba pang mga bagay. Masdan ninyo itong si Elvis Presley, isang diablong nakasuot ng sapatos. Sina pat Boone, Ricky Nelson, ang malalaking kasiraan ng bansang ito. Tama. Ang sabi nila, "Oh napaka-relihiyoso nila; umaawit sila ng awiting Cristiano." Hindi dapat gayon ... Hindi nararapat na pahintulutan ng simbahan ang isang bagay na tulad niyan. Ilan sa mga kalalakihang ito ay nagtutungo sa ganitong lugar, at — at mamayang gabi naman ay nasa isang — isang kabaret sila, nagsasayawan at tumutugtog at lahat, at kinabukasan ay lalapit sila sa altar at magsisitangis, at sa susunod na gabi ay tutugtog sila ng musika sa entablado. Ay naku, kahabagan nawa sila. Saan hahantong ang ganitong karumihan, saan kaya hahantong ang ganitong karumihan? Siyanga po. Patunayan muna niya na isa siyang lalaki ng Diyos, hindi lamang dahil marunong siyang gumitara o ano man.

Sa pamamagitan ng iyong pagnanasa ay mapagtatanto mo kung sino ang nasa luklukan ng iyong puso. Kung ano ang iyong iniibig, iyon ang magsasabi kung sino ka. Sasabihin mo, "Buweno, sa palagay ko ayos lang ang mga bagay na iyon, Brother Branham." Buweno, alalahanin lang ninyo ngayon; nalalaman ninyo kung ano ang laman ng inyong puso. Siyanga po. Kung ano ang kinakain ng inyong kaluluwa, kung ano ang kinauuhawan ng inyong kaluluwa, at makikita ninyo na nasisiyahan ito sa gayong bagay; kung iyon ay hindi ang Salitang ito, may isang bagay na mali, dahil tanging sa Salita lamang mabubuhay ang Espiritu Santo. Kita n'yo?

73 Gusto kong makita ninyo ang isa pang panganib bago tayo magtapos, kung hindi kayo — kung hindi kayo nakokonsensya sa mga bagay na ito na aking binanggit, ang mga panganib tungkol sa pagwawalang bahala sa isang pagkauhaw. Kita n'yo? Masasabi mo na, "Mayroon akong banal na pagkauhaw. Ngunit h in — hindi ako nakokonsensya, Brother Branham, na magpatuloy sa mga bagay na ito at sumasapi ako sa iglesia, at sa iba pang tulad nito." Ngunit, kita n'yo, ang ipagwalang bahala ang isang pagkauhaw. Kung kaliligtaan mong ibsan ang isang pagkauhaw sa tubig o sa pagkain man, nakamamatay ito. At kung kaliligtaan mo ang pagkauhaw na nasa boob mo, ikamamatay mo sa espirituwal.

Nananawagan kayo ng revival; inaabangan ninyo na magkaroon ng revival sa inyong iglesia. Buweno, hindi — hindi iyan ang revival na nararapat sa inyo. Ang revival ay kinakailangang magsimula sa kalooban ninyo, kapag kinauhawan na ninyo ang Diyos. Marahil ay walang ibang kasapi sa iglesia na nagnanasa sa revival na iyan. Subalit kapag ito'y sumambulat mula sa iyo, ito'y sasambulat sa iba pang dako. Kita n'yo? Lamang ay kinali I igtaan ninyo ang pagkauhaw na ito.

Nakakaligtaan ninyong gatasan ang baka, samantalang ang baka — ang pasusuhan niya ay puno na ng gatas; at kung hahayaan ninyo ang bakang iyan sa ganiyang kalagayan, matutuyot siya. Tama nga.

Kapag kinaligtaan ninyong uminom ng tubig, sabihin mong, "Hindi na ako iinom ng tubig kailanman," ikamamatay mo iyan. Kapag kinaligtaan mong kumain, ikakamatay mo. Samakatuwid, kapag kinaligtaan mong bigyan ng Salita ng Diyos ang Espiritu Santo, ikamamatay mo.

74 Kayong mga Cristiano, kayong mga Baptist, Metodist, Presbyterian, Pentecostal, Assembly of God, Oneness, Twoness, Threeness, ano man kayo (Kita n;yo?); wala sa akin . . . Walang anumang halaga iyan sa akin; sa palagay ko ay sa Diyos din. Kita n'yo, isa kang indibiduwal; isa kang yunit. Hindi kayo aakyat sa langit bilang isang iglesia, isang — isang denominasyon. Magtutungo kayo sa langit bilang isang indibiduwal, ikaw lamang at ang Diyos. Lyon lang. Hindi na mahalaga sa akin kung aling simbahan ang kinabibilangan mo.

At kapag kinaligtaan mong magbasa ng Biblia at sampalatayanan mo ang Biblia, at manginain mula sa bagay na Ito ang Espiritu Santo, ikamamatay mo. Ang sabi ni Jesus sa San Juan 4:3, ang nababagay na Kasulatang nakuha ko... sinabi ni Jesus na, "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita," hindi sa bahagi lamang Nito.

Kukuha tayo ng bahagya sa dakong ito. Ang tawag ko diyan ay taong palaangkas sa Biblia. Ang sabi nila "Buweno naniniwala ako sa bagay na Ito, pero dumako tayo sa bahaging ito. Kita n'yo?" Kita n'yo?

Kailangan mong kunin ang bawat Salita. Ang sabi ni Jesus, "Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang

tao kundi sa bawat Salitang namumutawi sa bibig ng Diyos." Nalalaman ba ninyo ang bagay na iyan?

At nalalaman ninyo na tayo ang — tayo ang may gawa ng araw na ito na kinanAnhayan natin, tayo ang may gawa ng relihiyosong kalikuang ito.

75 Tinawag ako ng aking anak di pa katagalan, at ang sabi niya sa akin, "Daddy..." (doon sa kapitbahay namin), ang sabi niya, "Punta ka rito, may mapapanood tayong programang pangrelihiyon." Ka,ntahan iyon, awiting himno, at may isang Ricky roon na nagbabasa nito. At kung mayroon man akong nakitang maling paggamit ng isang bagay na banal, iyon na 'yon. Ang mga kalalakihang naroroon at ang mga tao, nagmistula na iyong isang palabas. Para silang isang tribo ng Indian, at kung anu-ano ang ginagawa nila, at— at naglulundagan sila at pabirong nagsusuntukan.

Aba'y ano na nga ba ang nangyari sa kasinserohan? Saan na naroon ang mga makalumang himno na dati nating inaawit, at nagagalak tayo sa Espiritu ng Diyos, at dumadaloy ang luha sa ating mga pisngi? At ngayon pinipigil natin ang ating hininga hanggang sa halos ay maubos na ito at nangangasul na ang ating mukha. Kita n'yo? Kinokopya natin ang Hollywood, at ang lahat ng mga programang ito na nakikita natin sa pamamagitan ng intelektuwal na pag-awit ng himno at pagsasanay ng boses. Gus - gusto kong makarinig ng magandang awitin; gusto kong naririnig ang mga magaganda't lumang awitin, awiting Pentecostal na gal ing sa kaibuturan ng puso. Subal it kinamumuhian kong marinig ang mga palahaw na tinatawag nilang awitan sa panahong ito. Tama. Sa palagay ko'y iyan na ang pinakakakatuwang bagay. Isa isang kalikuan. Tama.

76 Gusto kong makita ang isang lalaki na lalaking lalaki. Kinamumuhian kong makita ang isang lalaki na suut-suot ang damit na panloob ng asawa niyang babae at nakalaylay sa gilid ang buhok; at — at may nakabiting roller sa harap niya, at may dalawang tumpok ng buhok na nakalaylay na tila baga bangs. Iyan, hin - hindi matatawag na lalaki ang taong ganiyan. Hindi niya nalalaman kung saang kasarian siya kabilang. Kita n'yo? Tama. Masdan ninyo ang babae, nagpapaputol siya ng buhok na parang lalaki; ang lalaki naman ay naglalagay ng bangs sa buhok niya na parang babae. Sinusuot ng lalaki ang dam it na panloob ng asawa niya at ang babae naman ay isinusuot ang overall ng asawa niyang lalaki (Kita n'yo?), pawang kalikuan ito, sa buong paligid.

At ganiyan din sa lahat ng bansa, ang mga tao, ang mga iglesia at lahat ng iba pa. Oh, Diyos, saan hahantong ang lahat ng ito? Ang pagdating ng Panginoong Jesus, doon na ito magwawakas.

77 Kaya kapag kinaligtaan mong busugin ng Salita ng Diyos ang Espiritu Santo . . . ang sabi ni Jesus, "Ang bawat Salita ay sa pamamagitan ng Espiritu Santo." At makinig kayo. Kapag tinangka mong pakanin ito ng maling bagay, kung tunay na Espiritu Santo ang nasa iyo, matutukoy nito ang pagkakaiba. Ngayon, alalahanin n'yo, ang Salita ng Diyos ang pagkain ng Espiritu Santo. Hindi ito kumakain ng pagiging masigla lamang. Hindi ito kumakain ng edukasyon. Hindi ito kumakain ng pagdalo lamang sa simbahan. Hindi ito kumakain ng teolohiya. Maraming pagkakaiba ang isang bagay na kinasihan at ang isang kaisipang teolohikal.

Ang lahat ng mga teologo sa panahon ni Jesus, naku, nasa kanila ang lahat ng salita at pahina, malinaw na malinaw, darating ang Mesiyas sa ganitong kaparaanan. lyon na nga ang naganap. At napalampas nila itong lahat. Alam ba ninyo kung ano ang sinabi ni Jesus nung dumating Siya, ang sabi Niya, "Kayo'y sa inyong amang Diablo, at ginagawa ninyo ang mga gawa niya."

Hindi nahayag sa kanila kung ano ang tunay na Salita. Kita n'yo. Napalampas nila ang maliliit na puntong iyon, kung paanong pinalalampas din nila ang bagay na ito sa ngayon. "Kung kabilang ka sa ganito sa ganoon, ayos ka na." Huwag ninyong paniwalaan ang bagay na iyan. Kailangan ninyong mapabilang kay Cristo. At kung may Tsang bagay na nasa boob mo na nauuhaw kay Cristo...

78 Alalahanin n'yo, nung nasa sinapupunan kayo ng inyong ama, naroon na kayo sa kaniya. Ngunit hindi pa niya kayo kilala at hindi rin ninyo kilala ang inyong ama. At kailangan kayong maipanganak. Gumawa ng paraan ang Diyos sa pamamagitan ng inyong Ma na siyang lupang punlaan, at nangyari nga ito. At kapag naging isa kang lalaki o babae, ano man iyon, makikilala mo ang iyong ama at magkakaroon na ng pakikisama ang iyong ama sa iyo.

Ngayon, alalahanin mo, kung mayroon kang Buhay na Walang Hanggan, ang iyong buhay ay nasa Diyos na sa pasimula pa. At ang Buhay . . . Ang Diyos ay Salita. At nang magkatawang tao ang Salita kay Jesus Cristo, bumaba ang Diyos at tumahan sa Sarili Niyang katawan, ginawa Niyang Anak ng Diyos ang Sarili Niya, nang manaog ang Diyos at tumahan sa katawang iyan, naroon ka na sa Kaniya nung ipako Siya sa krus. At kasama ka Niyang napako, at kasama ka Niyang namatay doon sa Kalbaryo. Nalibing kang kasama Niya doon sa bundok. At kasama ka Niyang bumangon nung umaga ng Pasko ng pagkabuhay. At ngayon kasama ka Niyang nakaluklok sa sangkalangitan, at mayroon ka na ngayong pakikisama sa Kaniya. Kita n'yo?

Nakasama natin ang Diyos mismo. "Walang sinumang nakakita sa Diyos kailan man, ang Bugtong na

Anak — ng Ama ang nagpakilala sa Kaniya.” Iyan ang Diyos na naging Tao, upang magkaroon Siya ng pakikisama sa tao. Kita n'yo? At ngayon kayo'y — kayo'y laman, at Siya ay laman. Nagkatawang tao ang Diyos sa gitna natin sa Katauhan ng Anak Niyang si Jesus Cristo. At ang Diyos ay nasa Kaniya. Siya ay Diyos, Diyos talaga Siya. Siya ay Diyos, Diyos na nahayag sa Anak na si Jesus Cristo, kaya Siya naging Emmanuel, gaya ng sinabi ng propeta na kalalabasan Niya.

79 Ngayon, kita n'yo, naroon ka na talaga; bago pa man maanyuan ang sanlibutan ay nakasulat na ang pangalan mo sa Aklat ng Buhay ng Kordero. Kung gayon ano ang kakainin mo? Ang Salita ng Diyos ang ikinabubuhay ng Espiritu Santo. At ngayon, sa Apocalipsis 22:19, ang sabi ng Biblia, “Sino man ang magbawas ng isang Salita mula Dito, o magdagdag ng isang salita Dito, aalisin ang bahagi niya sa Aklat ng Buhay.” Nakita ba ninyo kung gaano ito kalalim? Hindi mo magagawang . . . Hindi maaaring mabuhay ang Espiritu Santo sa mga bagay ng sanlibutan.

Tulad ng isang kalapati at uwak. Isang malaking ipokrito ang uwak. Ang uwak, magagawa ng ibong ito na kumain ng trigo sa buong maghapon, at pagkatapos ay pumalaot sa paglipad at pag — pag nakakita siya ng isang bulok na bangkay, kakainin din niya ito. Magagawa niyang tumigil sa isang parang at manginain ng trigo kasama ng kalapati, at pagkatapos ay kakain siya ng bulok na bangkay.

Ang kalapati ay manginginain ng trigo sa buong maghapon, ngunit hindi ito kakain ng isang bulok na bangkay sapagkat isa itong kalapati. At walang apdo ang kalapati. Isang tuka lamang ng kalapati sa isang bulok na bangkay, ikakamatay na nito. Kita n'yo, wala kasi itong apdo. At gayon talaga siya, wala itong taglay na anumang kapaitan.

At ganiyan din naman ang isang tunay na Cristiano. Ayaw nila ng mga bagay ng sanlibutan. Salita lamang ng Diyos ang kinakain nila, at tanging Iyon lamang, ang bagay na malinis, ang Panala ng isang taong nag-iisip. Kita n'yo? Doon lamang nila ito pinadadaan at tanging Doon lamang. Ang mga patay na bagay ng sanlibutan, masangsang na amoy ito para sa kanila.

Masdan ninyo ang matandang uwak nung araw bago dumating pagkawasak na hatid ng baha, nagpalipat-lipat ito sa paglipad sa mga katawan, nanginain mula sa nabubulok na mga bangkay, hindi na siya muli pang bumalik sa daong. Datapuwat hindi nakasumpong ng dakong madadapuan ang kalapati (Kita n'yo?); bumalik siya sa daong kung saan nakatutuka siya ng mga butil. At iyan ngayon ang ginagawa natin; nabubuhay tayo sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.

80 Sa Mga Awit 42 . . . si David ang sumulat nitong Awit, Mga Awit 42, nung siya ay isa pang pugante, sinabi niya, “Nauuhaw ang aking kaluluwa sa Iyo, kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa batis ng tubig.” Masdan n'yo, umiyak siya. Si David ay isang pugante noon. Isa siyang ... Mayroon siyang dala-dalang langis na pamahid; nalalaman niya na siya ay magiging isang hari. Pinahiran siya ng langis ng isang propeta. Ngayon, pansinin n'yo. Hayun siya, nasa itaas ng bundok sampu ng munting kalipunan ng mga kawal na pawang mga Gentil, at lahat ng iba pa .. . Minamasdan ang sinisinta niyang bayan na dahil sa kaniyang kasalanan, sila'y kinukubkob ng mga Filisteo. At si David, sa kainitan ng araw na iyon, noon niya marahil isinulat ang Awit na ito, “kung paanong humihingal sa pagkauhaw ang usa sa mga batis ng ilog...”

Pansinin ninyo si David sa kalagayang ito. Tumingin siya sa dakong ibaba; pinagmasdan niya ang sinisinta niyang bayan. At naalala niya nung siya ay bata pa, dinadala niya ang mga tupa doon sa isang tangke sa dako roon. Isa itong bayang sagana sa tubig, at isa rin itong tinaguriang bayan ng tinapay. Totoo, ang kahulugan ng “Bethlehem” ay “Bahay ng Tinapay ng Diyos.” At marahil naaalala ni David nung pumupunta pa siya sa dakong iyon at umiinom siya ng malamig na tubig, ngunit ngayon ay narito siya't isang pugante, malayo sa sarili niyang bayan. Wata siyang ibang dakong patutunguhan, at iniiyakan ng kaluluwa niya ang masarap at malamig na tubig.

81 May kasama siyang mga alipin doon, naku, gaano man kaliit ng kahilingan niya ay isa nang utos para sa kanila. At ang tatlo sa kanila, nakipaghamok upang makalampas sa hanay ng mga Filisteo; labinlimang milya, pitong milya o higit pa, balikan; tumawid sila at dinalhan nila siya ng tubig na mai inom. Subalit nauuhaw pa rin ang kaniyang kaluluwa...

Ang kaniyang katawan, naroon siya sa itaas, marahil kahit ano na lang na maabot niya ay iinumin niya, kahit pa nga nakalagay ang tubig na ito sa katad ng kambing, dahil sa init ng araw. Inisip niya, “Kung magagawa ko lang na humiga at patirin ang pagkauhaw na nararamdaman ko . . . Kung magagawa ko lamang na magtungo doon sa Bethlehem at lumusong sa bukal na iyon at um inom.”

82 At nung bumaba si la at makakuha ng tubig at iniuwi nila ito, ang kauhawan ng kaniyang kaluluwa ay lalong sumidhi, hindi para sa Bethlehem, kundi para sa Jerusalem; nauhaw ang kaluluwa niya. Kaya isinantabi niya ang tubig, ang sabi niya, “Hindi ko iyan iinumin.” Ibinuhos niya ito sa lupa. Kita n'yo, higit nakinauuhawan ng kaluluwa niya ang Diyos, kaysa maibsan ang pagkauhaw ng kaniyang katawan sa pamamagitan ng masarap at malamig na tubig. Ibinuhos niya ito sa lupa.

Kita n'yo, ang bahay ng Diyos, ang tubig na pampalamig ng kaluluwa mula sa Jerusalem, na nasa kaitaasan . . . ang sabi ni Jesus, sa Juan 6:33, Ako ang Tinapay ng Buhay. Ako ang Tinapay ng Buhay.‟ ″Bethlehem,‟ ″bahay ng Diyos,‟ ang ating iglesia, ang makalupang Iglesia ng Diyos, ang iglesiang naririto sa ibabaw ng lupa. Gustung-gusto nating magtungo sa iglesia na naririto sa ibabaw ng lupa, subalit higit na dakila ang Jerusalem, na nasa kaitaasan, na siyang Diyos. Mas higit ang kauhawan ng luluwang iyon na makasama Siya roon, kaysa ang bigyan kasiyahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagsapi sa isang iglesia kung saan. Kita n'yo? Hindi maiibsan ang pagkauhaw na iyon sa pamamagitan ng pagsapi sa isang iglesia. Pinatunayan ito dito ni David. Nanggagaling mismo sa bahay ng Diyos ang tubig (kita n'yo?), ibinuhos niya ito sa lupa upang makasumpong ng pabor, upang makakuha ng malamig na tubig mula sa Diyos. Maging sa bagay na iyan . . . Higit pa sa pagkauhaw na nasa kalooban ninyo ang pagkauhaw sa Diyos na taglay ng kaluluwang iyan.

83 Pansinin ninyo ang Jerusalem, ang salita... “Ang Jerusalem ay galing sa kaitaasan,” ang sabi ng Biblia, “na sa ati'y . . . ang Ina nating lahat.” At si Cristo ang ating Ina. Napagtatanto natin ang bagay na iyan. Ang Diyos ang ating ina, sapagkat ipinganak Niya tayo. Ang kahulugan ng salita ay “kapayapaan,” Ang kahulugan ng Jeru-shalom (Kita n'yo?) ay “kapayapaan.”

Higit na dakila ang kauhawan sa tubig ng Buhay ng alin mang kaluluwa kaysa sa pagsasabing kaanib ka ng isang iglesia. Hindi maiibsan niyan ang kauhawan ng kaluluwa, 'yan ang tunay na pagkauhaw hindi ito maaaring pilipitin. Maaari mong isipin na ayos ka na kapag sumapi ka sa iglesia, ngunit hindi iyon 'yon. Hindi niyan maiibsan ang tunay at banal na kauhawan sa Diyos. Hindi talaga nito ito maiibsan. Sadyang . Sadyang wala talaga ito rito.

84 Ngayon, ang sabi rito ni David sa Mga Awit 42:7, “Kalaliman ay tumatawag sa kalaliman, sa hugong ng iyong mga baha,” ang panawagan ng kaluluwa...

Masdan ninyo, madalas kong gamitin ito bilang isang ilustrasyon. Kung may palikpik sa likuran ng isang isda, inilagay iyon doon upang makalangoy siya. Mayroon siyang gayong pangangailangan. Ngayon, ano kaya kung sabihin niya, “Gusto kong maging kakaibang isda. Aha, a — ako'y... Paniniwalaan ko ang isang teolohiya. Sa palagay ko hindi ko na kailangan ang palikpik na iyan”? Hindi siya makalalayo sa tubig, kaya ba niya? At tama nga.

Ano naman kaya kung sabihin ng isang puno, “Ngayon, nalalaman ko kailangang magkaroon muna ng lupa kung saan doon ako tutubo. Tama. Dapat ay dito ako tutubo. Magiging kakaiba akong puno; gusto kong itanim nila ako sa gitna ng karsada, para mapansin naman ako'? Kita n'yo, hindi siya mabubuhay ng matagal. Kita n'yo? Tama.

Kapag tumawag ang isang lalim sa kapuwa Lalim higit pa sa pagsapi sa isang iglesia ang kailangan. Higit pa sa mabuti at matuwid na pamumuhay ang kailangan. May isang bagay na kinakailangan upang masiyahan ang nasa boob mo, isang bagay na bumubuhos sa iyong kaluluwa na nagmumula sa Diyos. “Ang kalaliman ay tumatawag sa kalaliman, sa hugong ng iyong mga baha, Oh, Panginoon. Ang kalaliman ay tumatawag sa kalaliman...”

85 Ano bang uri ng pagkauhaw na nasa boob natin ang maaari nating isipin sa gabing ito? Tayo, bilang mga Pentecostal, soon ba tayo patungo? Ano bang uri ng pagkauhaw ang nasa boob natin? Huwag ninyong subukang siilin ang banal na pagkauhaw na iyan para sa Diyos.

Ilang taon na ang nakalipas, nung mayroon pang ginto sa mga kabundukan dito. May nabasa akong kuwento, ilang taon na ang nakalipas; lagi itong umuukilkil sa isipan ko. Ayon sa kuwento ay may — may isang minero na nagtungo sa mga kabundukang ito at naghahanap siya ng ginto, at nakatuklas siya ng saganang mina. At bumalik siya, iniisip niya kung ano ang kahihinatnan niya sa kaniyang pagbabalik sa bayan, wala na lahat ng problema niya. At — at — sinasabi niya, “Ako... Bukas papasukin ko na ito at ako'y...” Isang araw lang na paglalakbay, naroroon na siya sa bayan at dala na niya ang ginto. At mayroon siyang mga sako na puno ng mga ginto.

86 May kasama siyang aso. Hindi sa inihahambing natin ang aso sa Espiritu Santo, gumagamit lamang ako ng ilustrasyon Ngunit ang asong ito...

Sa buong magdamag, samantalang nakahiga ang minero sa kaniyang kama, at — at iniisip niya, “Bukas ku - kukunin kong lahat ang ginto, at matutupad na rin ang matagal ko nang pinapangarap. Noon pa man ay gusto kong maging mayaman. Gusto kong magmay-ari ng magagandang mga bagay at lahat ng iba pa.”

At — at biglang kumahol ang aso sapagkat may kaaway na papalapit. At ni — ni lapitan niya ito at ang sabi niya, “Tumahimik ka.” Kaya't tumahimik ang aso. Tapos ay bumalik na siya sa higaan at makakaidlip na sana siya, at nagsimula na namang kumahol ang aso, binabaltak niya ang kadena. At pumunta na naman siya sa pintuan at ang sabi, “Tumahimik ka. Gusto kong malaman mo na bukas ay mayaman na ako.” Kita n'yo? At iyon ang dakilang pangarap niya. Ngunit nagtatahol na naman ang aso.

87 At sa huli, nainis na talaga siya, kinuha niya ang kaniyang shotgun at binaril niya ang aso at napatay niya ito. Ang sabi niya, "Bukas ay hindi na rin naman kita kaibangan. Bukas ako'y isa nang mayamang tao. Yayaman na ako bukas."

At isinandal niya ang baril sa isang sulok, tinalikuran niya ang pintuan at natulog na siya. At ang lalaking iyon, ilang araw na pala siyang minamanmanan, pinasok nila siya at pinatay. Hindi siya yumaman (Kita n'yo?); pinatay kasi niya ang alarma na nagbabala sa kaniya na nanganganib ang buhay niya.

88 At kapatid kong lalaki at babae, hindi ninyo magagawang . . . Huwag ninyong subukang siilin ang banal na pagkatawag na iyan sa inyong puso (Kita n'yo?) sa pamamagitan ng pagsapi sa iglesia, pagsalaysay ng kredo at pagiging kabahagi ng isang organisasyon.

May isang bagay lamang na maaaring magbigay ng kasiyahan sa bagay na ito; iyon ay ang Persona ni Jesus Cristo. "Kung paanong humihingal ang usa sa batis ng tubig, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa Iyo, 0

Diyos. Kinauuhawan ng aking kaluluwa ang Diyos, ang buhay na Diyos." May Isang bagay sa boob ninyo na gustong makita ang pagkilos ng Diyos. Huwag kayong titigil hangga't hindi ninyo nasusumpungan ang bagay na Iyan.

Huwag ninyong hayaan na sabihin sa inyo ng isang pastor, "Basta kamayan mo lamang siya, sumapi ka lang sa iglesia, o makisama ka lang sa organisasyong ito." Huwag ninyong tikisin iyan. Nagbibigay ito ng babala sa iyo. Darating ang isang araw na aabutin mo ang dulo ng daan.

89 Tulad ng isang babae doors sa lungsod na pinanggalingan namin. Sinabi niya ang... Natungo sa simbahan ang isang munting bata at napakabait niyang bata. Naglalakad siya sa karsada. Mahaba ang buhok niya, alam ninyo, at pinung pino ang pagkakasuklay ng buhok niya na parang tinalupang sibuyas, at wa — wala siyang make up sa mukha. At tinutuya siya ng batang babaeng ito, ang sabi sa kaniya, "Kung hindi ka sana nakinig sa kalbong mangangaral na iyon," ako ang tinutukoy niya, ang — ang sabi, "disente ka sanang tingnan. Ang kaso mukha kang galing sa isang antique shop. Ay naku, talagang binubuska niya siya sa tuwing makikita niyang ganoon ang ayos niya. Ang sabi, "Malawak ang pangunawa ng aming pastor." Sabi niya, "Kilala ni—ni—niya sila. Ganiyan sana, bakit ganiyan ang ginagawa mo? Hindi naman iyan mahalaga, kung paano ka nagbibihis at nag-iisip." Aba'y mahalaga 'yan. Ang sabi ng Biblia mahalaga 'yan. Kailangan tayong mabuh ay sa pamamagitan ng bawat Salita.

Hindi siya pinagtuunan ng pansin ng batang ito, nagpatuloy siya. Isa na siyang misyonero ngayon.

90 Pagkatapos ang binibining i—ito ay nagkaroon ng isang social disease at siya'y namatay. Kaibigan ko ang nagsaksak ng embalming fluid sa kaniya nung siya ay naghihingalo. Sinabi niya sa akin, ang sabi... Pagkatapos niyang mamatay, naaamoy pa rin niya ang fluid na iyon. Mayroon siyang butas sa tagiliran, social disease ang tawag dito. Hindi nila nalaman... Maging ang mga magulang niya ay hindi nalalaman kung ano ang nangyari sa kaniya. At siya ay namatay. Ngunit bago siya namatay...

Nagtuturo siya ng Sunday school. At nagsidating ang lahat ng mga batang tinuturuan niya; gusto nila siyang makita bago siya magtungo sa langit at sunduin ng mga Anghel. At ang pastor naman niya ay naroon sa labas at naninigarilyo, nagpapanhik panaog sa sala ng ospital... At silang lahat ay nagsisiawit nung malapit na siyang mamatay, alam n'yo. Alam kasi nilang mamamatay na siya. Ang sabi ng mga Duktor ay mamamatay na siya, kaya inaabangan nilang makitang may mga Anghel na susundo sa kaniya.

91 At bigla na lamang, nung harapin niya ang katotohanan...Ngayon, isa siyang tapat na kasapi ng iglesia, isa siyang guro ng Sunday school, at isang masigasig na miyembro ng isang malaking iglesia ng denominasyon. Subal it nung naghihingalo na siya at hagipin siya ng kamatayan; lumuwa ang mga mata niya, at ang sabi niya, "Ligaw ako." Ang sabi niya, "Ligaw ako. Tawagin ninyo ang pastor."

Tinapon niya ang sigarilyo at pumasok sa loob, ang sabi, "Heto, heto. Heto, heto. Tatawagin natin ang duktor upang bigyan ka niya ng hypo."

Sabi niya, "Hindi ko gusto ng hypo." Sabi niya, "Ikaw na nandaraya ng mga tao. Mamamatay na ako, at patungo ako sa impyerno. At ako'y napahamak sapagkat hindi mo sinabi sa akin ang katotohanan. Tawagin ninyo ang makaDiyos na babaeng iyon, dalhin ninyo siya rito sa akin, madali. Tama siya."

Hintayin ninyo kapag hinarap na ninyo ang katotohanan. Huwag ninyong siilin ang banal na pagkauhaw na iyan. Huwag ninyo itong pasabugin sa pamamagitan ng isang moderno, maka-edukasyong shotgun na dalawa ang 'canyon. Makinig kayo sa babala ng Espiritu Santo sa gabing ito na nagbibigay sa inyo ng babala, "Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay; walang makakarating sa Ama, kundi sa pamamagitan Ko." At Siya ang Salita.

Yumuko tayo sa isang sandal i.

92 Gusto ko pang sumipi ng isang Salita ng Panginoon Jesus, samantalang pinag-iisipan ninyo ang bagay

na ito. Sinabi ni Jesus sa Mateo 5, “Mapalad yaong mga nagugutom at nauuhaw.” Pagpapala pa nga ang taglayin sa kalooban ninyo ang pagkauhaw na iyan. Humantong na ba kayo sa isang punto kung saan ang in — in — inyong buong sistema ay nadungisan na ng denominasyonalismo, at ng mumunting kulto at pangkat, at mga bagay-bagay, mga church order, sosyalan, tulad sa pagsapi sa mga kapisanan at lahat ng iba pa, ng paglipat mula sa isang simbahan tungo sa iba? Naibuhos na ba ng diablo ang tubig ng karumihan at sinisimot ninyo ito, tulad ng isang baboy sa labangan? Kapag hindi ninyo nalalaman ang tunay na nakapag-aalis ng kauhawan sa Diyos, ang makita Siya na isang katunayan sa pamamagitan ng Espiritu Santo, nagpapahayag. Kung ika'y — kung ika'y ganiyan sa gabing ito, kung kinauuhawan pa rin ninyo ang Diyos, hayaan ninyong sabihin ko sa inyo: Mayro'ng Bukal tigmak ng Dugo, Sa ugat ni Jesus nagbuhat, Makasalanang lulusong, Ay malilinisan. Laking galak ng salarin, Nang masilayan ang Bukal, Karumihang patung-patong, Kaniyang nilimot na. Mula nang aking mamasdan Dugong galing sa Iyong sugat, Pag-ibig ng Diyos ang lunas, Magpahanggang wakas.

93 Kung taglay ninyo sa gabing ito ang kauhawang iyan na higit pang makilala ang Diyos at higit na mapalapit sa Kaniya, maaari ba ninyong itaas ang inyong mga kamay samantalang nakayuko ang mga ulo, sabihin n'yo, “Ipanalangin mo ako.” 0 Diyos, masdan Mo po ang mga kamay.

Sa mga lugar na kung saan umaabot ang brodkas ngayon, sa silangan, timog, kanluran at hilaga, kayong mga nasa silid, itaas ninyo ang inyong mga kamay sa mga pastor at kung ano man ang hangad n'yo, kayo — sa inyong mga kalooban, kinauuhawan ninyo ang Diyos. Ang banal na pagkauhaw na iyan,

hindi ninyo iyan mabibigyang kasiyahan. Oh, sasabihin ninyo, “Brother Branham, Su — sumigaw na ako minsan. Sumayaw ako sa Espiritu.” Huwag — huwag — ninyong kunin ang bagay na iyan. Huwag.

kayo hanggang sa dumating ang kabusugang iyan, sa pagdating ng kapuspusan ng Espiritu Santo, kung gayon ang kampana ng kagalakan sa pagsigaw, ang pagsasalita ng mga wika, ang pagsasayaw sa Espiritu ay darating. Hindi ninyo kailangang gawin iyan sa pamamagitan ng musika.

Gawin ninyo iyan samantalang nagmamaneho kayo ng inyong kotse. Gawin ninyo iyan samantalang naglalampaso kayo ng sahig. Gawin ninyo iyan samantalang nagbabaon kayo ng pako sa pader samantalang nagkakarpentero kayo. Saan man kayo naroroon, ang di-mabigkas na kagalakang iyan na puno ng kaluwalhatian . . . Ngayon, manalangin tayo.

94 Mahal naming makalangit na Ama. Mahaba, nakakapagod, ang munting mensaheng ito sa gabing ito, ngunit, mahal na Diyos, nawa'y ihatid ng Espiritu ang — ang kahulugan nito sa bawat puso. Dito mismo sa boob ng iglesia, sa gabing ito, napakaraming nagtaas ng kamay, sa palibot ng bulwagan at sa lahat ng dako. I — idinadalangin namin sila, mahal na Diyos. Oh, nawa ang bahagi ng Diyos na nagbibigay kabusugan, si Cristo, ang Pag-asa ng Kaluwalhatian, ang Pag-asa ng Buhay na nasa Inyo, nawa ay dumating ito sa kanilang lahat.

Sa buong bansa, mula sa California hanggang sa New York, kung saan umaga na ngayon, nakikinig pa rin sila roon hanggang ngayon; doon sa — sa New Hampshire, at — at doon sa Boston, hanggang sa Texas, sa Indiana, sa California at sa lahat ng dako. 0 Diyos, masdan Mo ang mga kamay na iyan; masdan Mo ang kanilang kalooban, Panginoon, ang pusong naroroon na nagugutom at nauuhaw.

95 Ang lilong araw na ito, kung kailan binulag ng Diablo ang mata ng mga tao, upang kung sasapi lang sila sa iglesia, at sinasabi niya, “Iyan lang kailangan ninyo.” At tinitingnan pa rin nila ang kanilang mga sarili at masdan mo ang kanilang ginagawa, at ang pagnanasa nila na maging katulad ng sanlibutan at...

Samantalang, sinasabi sa amin ng Biblia, “Kung mahal pa rin namin ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa amin.”

Isipin na lamang, Ama, kung gaano na ang kalikuan nito na magagawa niya iyan sa tunay na Salita, kung paano nila nagagawang sabihin, “Oh, sumasampalataya kami sa Biblia, ngunit hindi ang bagay na Ito. Hindi namin Ito sinasampalatayan. Sa paniwala namin ay para sa ibang kapanahunan Ito. Sa paniwala namin ay ganito Iyan,” dahil sa pinihit na ng denominasyon ang kanilang kaisipan tungo sa maruming tangke ng tubig.

Nang sabihin ni Jesus, “Ang sino mang magbawas ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito, aalisin ang kaniyang bahagi sa Aklat ng Buhay.”

Mahal na Diyos, isipin na lang ang kalungkutan doon sa paghuhukom kung kailan ang mga taong nabuhay nang matuwid, malinis, banal na buhay, nagtungo sa simbahan nang may katapatan sa abot ng kanilang makakaya, at mapahamak.

96 Isipin ninyo ang mga Fariseo, kung paanong mula sa kanilang kabataan, sinanay na sila sa Salita, nanggaling sa mga paaralan at lahat na, banal (kailangang maging gayon sila, kung hindi ay babatuhin sila hanggang sa mamatay), at ang sabi ni Jesus, “Kayo'y sa ama ninyong diablo.”

Kung paanong bumaba ang Israel doon... at nawa'y maging babala ito sa ma Pentecostal, Panginoon, sa buong bansa. Kung paanong si Moises, na isang propeta, nagtungo siya sa Egipto upang tuparin ang Salita ng Diyos, upang dalhin sa kanila ang panggabing liwanag. Kung paanong nakita ni la ang mga dakilang himala ng Diyos. Kung paanong sumunod si la sa kaniya, tinawid nila ang Dagat na Pula, nabautismuhan sila sa pamamagitan niya, nagtungo sila sa isang at nagsikain ng pagkain ng Anghel na nahuhulog mula sa langit, at pagkatapos ay tumangging kunin ang lahat ng Salita, nung bumalik sila mula sa Kadesh-barnea, patungo sa Kadesh-barnea, mula sa — mula sa lupang pangako, at ang sabi, "Para silang mga higante; hindi natin ito magagawa." Nang sabihin ng Diyos, "Ibinigay ko na sa inyo ang buong lupain": naroon sila sa hangganan. Ang sabi ni Jesus, "Napahamak silang lahat." Nangamatay sila, napahamak sila na walang Diyos, bagamat nagawa nila ang ahat ng bagay na ito. Nakita nila ang mga himalang ito; nangagalak, nagsayawan sila sa dalampasigan kasama ni Miriam, nang patugtugin nila ang tamburin. At tatlo lamang sa dalawang milyon ang nakapasok.

97 Napagtatanto namin, Ama, na kapag ang punla'y, kapag ang binhi na galing sa lalaki at ang nagmula sa babae ay nagsama, isa lamang sa isang milyon

ang nagtatagumpay. Kakatagpuin ng binhing nagmula sa lalaki ang malusog na itlog na galing sa babae, ang babae, at ang isang milyong iba pa ay mamamatay.

May isang milyon, dalawang milyon ang lumabas galing sa Egipto; dalawa lamang sina Joshua at Caleb na nakapasok sa lupain. Isa sa isang milyon, Ama, na — nangingining ako kapag iniisip ko ang bagay na iyan. Isipin na lang, sa buong mundo sa araw na ito ay may limandaang milyong Cristiano, 'yan ay limang daan kung darating Ka sa gabing ito. Oh Diyos, nawa'y maalala naming na ang bawat Salita ng Diyos ay nakatayo bilang isang monumento. Kailangan naming Itong sampalatayanan. Kailangan naming Itong sundin.

At nang sabihin Mo, "Magsisi, ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan at tatanggapin ninyo ang Espiritu Santo; sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa mga nasa malayo, sa lahat ng tawagin ng Panginoon nating Diyos."

Pinihit ng mga klero ang kaisipan ng mga taong iyon, at inakay ang mga ito sa pamamagitan ng edukasyon, maka-denominasyong paaralan ng teolohiya para lamang sabihin, "Oh, sumampalataya lamang kayo." Kahit nga Diablo ay sumasampalataya rin, ngunit hindi niya magagawang tanggapin ang Espiritu Santo. Si Judas Iscariote ay isang — ginawa niya ang lahat ng — ng bagay na ginawa ng mga alagad, nangaral ng Ebanghelyo; subalit nung oras na upang tanggapin ang Espiritu Santo, ipinakita na niya ang kulay niya.

Diyos, nawa ay mapagtanto ng mga tao sa buong lupain sa gabing ito na malibang mapasakanila ang karanasang iyan, sila'y mapapahamak. Nawa ay mabusog ang kanilang mga kaluluwa sa gabing ito ng Iyong Bahagi, Panginoon, habang ipinagkakatiwala namin sila sa Iyong kamay. Sila'y Iyo, Panginoon. Ang tanging pananagutan namin ay ang Salita. Dalangin ko na sila'y sumampalataya ng taos sa kanilang puso, at mapuspos sila ng Espiritu Santo. Hiling namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

Mahal Siya, Mahal Siya Pagkat minahal Niya `ko Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbaryo.

98 Oh, Siya ba ang inyong Bahaging nagbibigay kasiyahan? Ay naku. Mahal n'yo ba Siya nang taos sa inyong puso? Ngayon, ang mga salitang ito magkaminsan ay nakasusugat, subalit umawit tayo sa Espiritu ngayon (Kita n'yo?), bawat isa sa atin. Kamayan natin ang kapatid nating lalaki na nakaupo sa ating tabi, ang kapatid na babae, at sabihin lang natin, "Pagpalain ka ng Diyos, manlalakbay," habang inaawit natin itong muli. Mahal Siya, Mahal Siya, Pagkat minahal Niya `ko, Nag-alay ng kaligtasan Sa Kalbar . . .

Ngayon, nagkamayan na tayo. Ipikit natin ang ating mga mata at umawit tayo sa Espiritu, itaas natin ang ating mga kamay sa Kaniya.

Mahal Siya, Mahal Siya,

Pagkat minahal Niya `ko

Nag-alay ng kaligtasan

Sa Kalbaryo.

Oh, hindi ba napakabuti Niya?

Napakabuti ni Jesus sa akin, Tagapayo,

Kaibigan at Manggagamot;

Sa aki'y nagligtas at gumagabay,

Tunay ngang napakabuti Niya sa akin!

99 Oh nagagalak ba kayo sa karanasan ninyo kay Cristo?

Hindi ba't napakabuti Niya?

Hindi ba't nakapagbibigay Siya ng kasiyahan?

Dati akong ligaw, ngayon ay natagpuan Niya ako, malaya na ako sa anumang kahatulan,

Sa aki'y nagligtas at gumagabay Tunay ngang napakabuti Niya sa akin!

Napakabuti ni Jesus sa akin,

Tagapayo, Kaibigan at Manggagamot;

Sa aki'y nagligtas at gumagabay

Tunay ngang napakabuti Niya sa akin!

100 Naniniwala ba kayong Iskriptural 'yan? Ang sabi ng Biblia, "Pumalakpak kayo, magkaingay kayo nang may kagalakan sa Panginoon." Alam ninyo, gustung gusto kong nagpapatugtog ng Musika. Ang anak kong si Rebekah ay nag-aaral ng piano. Ang munti kong anak na lalaki ay nag-aaral namang tumugtog ng trumpeta. Ngun it ako — natuto akong magpatugtog ng sampung kuwerdas. [Nagsimulang pumalakpak si Brother Branham -Ed.] Napakabuti ni Jesus sa akin, Tagapayo, Kaibigan at Manggagamot; Sa aki'y nagligtas at gumagabay Tunay ngang napakabuti Niya sa akin! Mahal n'yo ba Siya? Tayo nang lumakad sa Kaniyang liwanag Kung saan ang hamog ng biyaya'y sapat Pagliwanagin sa gabi at araw Si Jesus ang tanglaw ng buhay.

Tayo nang lumakad sa Kaniyang liwanag,

Kung saan ang hamog ng biyaya'y sapat,

Pagliwanagin sa gabi at araw,

Si Jesus ang tanglaw ng buhay.

101 [Nagsimulang humam si Brother Branham-Ed.]

Sa pagparada ng banal,

Sa pagparada ng banal,

Nais kong mapabilang,

Sa pagparada ng banal,

Oh, Sa pagputong sa 'ting Hari,

Sa pagputong sa 'ting hari,

Nais kong mapasama,

Sa pagputong sa 'ting hari.

Oh, kung di sisikat ang araw, Kung di sisikat ang araw,

Nais kong mapabilang Kung di sisikat ang araw.

Gusto ba ninyo iyan? Ngayon, hindi ko alam kung nabago na ang inyong mga paa, kung hindi na kayo sumasayaw para sa sanlibutan? Kita n'yo? Ipadyak natin ang ating mga paa para sa Panginoon — para sa Panginoon. Nabago na ba ang inyong mga kamay? Hindi na ba kayo nagnanakaw? Nabago na ba ang mga labi ninyo, hindi na ba kayo nagsisinungaling? Huwag lang ninyong ilalagay ang relihiyon sa ulo ninyo, ilagay n'yo iyan sa buong katauhan n'yo. Ganiyan nga. Ang buong katauhan ang kinakailangan. Tama. Ngayon, ipadyak natin ang ating mga paa.

Sa pagparada ng Nobya,

Sa pagparada ng Nobya,

Nais kong mapabilang,

Sa pagparada ng Nobya.

Oh, Sa pagparada ng Nobya,

Sa pagparada ng Nobya,

Nais kong mapabilang,

Sa pagparada ng Nobya.

Ngayon, itaas tang natin ang ating mga kamay.

Sa pagparada ng Nobya,

Sa pagparada ng Nobya,

Nais kong mapabilang,

Sa pagparada ng Nobya.

Pag pinutungan ang Hari,

Pag pinutungan ang Hari,

Nais kong mapabilang,

Pag pinutungan ang Hari.

102 Mahal ba ninyo Siya? Tayo nang lumakad (Siya ang Liwanag, alam n'yo ba.),

Sa Kaniyang Liwanag.

Kung saan ang hamog ng biyaya'y sapat;

Magliliwanang sa gabi at araw,

Si Jesus ang tanglaw ng buhay.

Sumasampalataya ba kayo na Siya ang Liwanag ng sanlibutan? Naniniwala ba kayo? Ang sabi ni Pablo, "Kapag ako ay umawit, umaawit ako sa Espiritu. Kapag sumasamba ako, sumasamba ako sa Espiritu. Tama. At ang Espiritu ang nagbibigay Buhay sa Salita. Tama ba? Tama.

Siyanga po. Mga Banal ipagsigawan,

Si Jesus ang tanglaw ng buhay; Biyaya't habag sa Kaniyang Pangalan,

Si Jesus ang Tanglaw ng (Kung gayon ano ang gagawin natin?)

Tayo nang lumakad Sa Kaniyang Liwanag,

Kung sa'n ang hamog ng biyaya'y sapat; Magliliwanag sa gabi at araw,

Si Jesus, ang tanglaw ng buhay.

103 Ipagpaumanhin ninyo kung nalilito kayo, mga musikero, sadyang nadala ako. Wala na akong ibang alam maliban sa sumamba. Ganiyan ninyo ito dapat ginagawa. Siyanga po. Nagpapasalamat ako sa pagkakataong ito, Brother Mack, na maparito at maka-fellowship ka sampu ng iyong iglesia sa gabing ito, ang lahat ng mabubuting taong ito.

At kayo na nagsipagtaas ng kamay para sa bautismo ng Espiritu Santo, nagtitiwala ako na makikipagkita kayo kay Pastor Mack dito, o sinuman sa kanila, tapos ay bumalik kayo rito sa silid. At alalahanin lamang ninyo, nang bigkasin ng Diyos ang Salita sa pasimula at sabihin Niya, "Magkaroon nawa," kailangang magkaroon. At ang sabi Niya, "Mapapalad ang mga nangagugutom at nangauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila'y bubusugin." Kita n'yo, kailangan itong mangyari. Naparito ako upang dalawin ang pastor ninyo, at manindigang kasama niya samantalang ipinangangaral niya ang Ebanghelyo.

104 Ngayon, awitin nating muli ang maganda't sinaunang awitin na iyan; sadyang mahal sa akin ang awiting iyan, "Tayo nang lumakad."

Ang sabi ni Jesus, "Ako ang Liwanag," at kayo'y nasa Kaniya. Kita n'yo na? Paano kayo mapapasa-Kaniya? Sasapi ba kayo sa Kaniya? Hindi. Pakikipag-kamay ba? Hindi. Bautismo sa tubig? Hindi. "Sa pamamagitan ng Isang Espiritu tayo ay nabautismuhan sa isang katawan, na siyang Katawan ni Cristo." At sa Katawang iyan ay may siyam na kaloob na espirituwal na kumikilos sa lokal na katawan, ang lokal na iglesia. Iyan ay apostolic, kung tama ang pagkaalam ko. Tama. Tayo nang lumakad, Sa Kaniyang Liwanag, Kung saan ang hamog ng biyaya'y sapat, Pagliliwanagin sa gabi at araw, Si Jesus ang tanglaw ng buhay," Salamat, brother.

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7